

... Walang mawawala sa mga manggagawa kundi ang kanilang mga tanikala. Ang daigdig ang kanilang ipagwawagi.

Mga manggagawa ng lahat ng bayan, magkaisa!

**KARL MARX
FREDERICK ENGELS**

**MANIFESTO NG
PARTIDO KOMUNISTA**



**2006
PALIMBAGANG SENTRAL
PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS**

Naririto ang salin sa Manipesto ng Partido Komunista na akda nina Karl Marx at Frederick Engels at isinulat noong 1848. Ang isinalin ay ang salin ni Samuel Moore noong 1888 ng orihinal na Ingles at inedit ni Frederick Engels. Kasama sa isinalin ang mga Paunang Salita ng iba't ibang edisyon ng akdang ito at ang mga anotasyon ni Engels sa edisyong Ingles ng 1888 at sa edisyong German ng 1890.

Saligang aralin ang akdang ito at kailangang basahin at pag-aralan ng lahat.

Kawanihan sa Salin-Pambansang Kagawaran sa Edukasyon
Setyembre 2005

NILALAMAN

PAUNANG SALITA SA 1872 EDISYONG GERMAN	2
PAUNANG SALITA SA 1882 EDISYONG RUSO	5
PAUNANG SALITA SA 1883 EDISYONG GERMAN	8
PAUNANG SALITA SA 1888 EDISYONG INGLES	10
PAUNANG SALITA SA 1890 EDISYONG GERMAN	19
PAUNANG SALITA SA 1892 EDISYONG POLISH	28
PAUNANG SALITA SA 1893EDISYONG ITALYANO	31
I	
Ang mga Burges at ang mga Proletaryo	35
II	
Ang mga Manggagawa at mga Komunista	58
III	
Panitikang Sosyalista at Komunista	
1. Reaksyunaryong Sosyalismo	76
a. Sosyalismong Pyudal	76
b. Sosyalismong Petiburges	79
k. German o “Tunay” na Sosyalismo	82
2. Sosyalismong Konserbatibo o Burges	87
3. Sosyalismo at Komunismong Kritikal-Utopyan	89
IV	
Ang Pusisyon ng mga Komunista Kaugnay ng Iba’t Ibang Umiiral na Partidong Oposisyon	95
Mga Tala	98

Isinulat sa pagitan ng Disyembre 1847 at Enero 1848

Ang orihinal ay nasa German

Unang inilathala bilang pampleto sa London noong Pebrero
1848

**MANIFESTO NG
PARTIDO KOMUNISTA¹**

PAUNANG SALITA SA 1872 EDISYONG GERMAN²

Kaming mga nakalagda ay kinumisyon ng Komunistang Liga, isang internasyunal na asosasyon ng mga manggagawa, na mangyari pa'y maaari lamang maging lihim na asosasyon sa mga kalagayang umiiral sa panahong iyon, sa Kongresong idinaos sa London noong Nobyembre 1847, na sumulat para sa publikasyon ng isang detalyadong programang teoretikal at praktikal para sa Partido. Ganyan ang pinagsimulan ng kasunod na Manipesto, na ang manuskrito ay naglakbay patungong London para ilimbag ilang linggo bago ng Rebolusyong Pebrero.³ Unang nailathala sa German, muli itong inilimbag sa lenggwaheng iyon sa di kukulangin sa labindalawang iba't ibang edisyon sa Germany, England at Amerika. Inilimbag ito sa Ingles sa kauna-unahang panahon noong 1850 sa *Red Republican*⁴ (Pulang Republikano), London, sa salin ni Bb. Helen Macfarlane, at noong 1871 sa di kukulangin sa tatlong iba't ibang salin sa Amerika. Unang lumabas ang bersyong Pranses sa Paris di nagtagal bago ng Insureksyong Hunyo ng 1848, at kamakailan lamang sa *Le Socialiste*⁵ ng New York. Ihinahanda ngayon ang bagong salin. Lumitaw sa London ang isang bersyong Polish di nagtagal bago ito unang inilimbag sa Germany. Inilimbag sa Geneva sa dekada 1860 ang isang saling Ruso. Isinalin rin ito sa Danish di nagtagal matapos itong lumabas.

Gaanuman nagbago ang katayuan ng mga bagay-bagay sa loob ng nakaraang dalawampu't limang taon, sa

kabuuan, ang pangkalahatang mga prinsipyo na inilatag sa Manihesto ay wasto sa kasalukuyan tulad ng dati. Maaaring mapahusay ang ilang detalye sa banda dito at doon. Gaya ng isinasaad mismo ng *Manihesto*, ang praktikal na paglalapat ng mga prinsipyo ay nakasalalay, sa lahat ng lugar at sa lahat ng panahon, sa istorikong mga kalagayan na pansamantalang umiiral, at dahil dito, hindi nagbigay ng espesyal na diin sa mga rebolusyonaryong hakbang na ipinanukala sa dulo ng Seksyon II. Ibang-iba kung ilalahad ang bahaging iyon sa kasalukuyan sa maraming aspeto. Dahil sa pagkalahating pagsulong ng Modernong Industriya mula 1848, at sa kaakibat nitong mas mahusay at malawak na organisasyon ng uring manggagawa, bunga ng praktikal na karanasang natamo, una sa Rebolusyong Pebrero, at pagkatapos, mas higit pa, sa Komuna ng Paris kung saan sa kauna-unang panahon hinawakan ng proletaryado sa loob ng dalawang buong buwan, sa ilang detalye, ang programong ito ay lipas na. Isang bagay ang lalut' higit na napatunayan ng Komuna, ibig sabihin, na "hindi maaaring simpleng tanganan na lamang ng uring manggagawa ang yari nang makinarya ng estado, at gamitin ito para sa sarili niyang layon." (Tingnan ang *Civil War in France: Address of the General Council of the International Working Men's Association* [Ang Digmaang Sibil sa France: Talumpati ng Pangkalahatang Konseho ng Internasyunal na Asosasyon ng mga Manggagawa] 1871, kung saan ibayong pinalawig ang puntong ito.)⁶ Dagdag pa, napakalinaw naman na di na sapat ang kritisismo sa panitikang sosyalista kaugnay ng

kasalukuyang panahon, dahil ito'y hanggang 1847 lamang; gayundin, ang mga pangungusap kaugnay ng relasyon ng mga Komunista sa iba't ibang partidong oposisyon (Seksyon IV), kahit na wasto sa prinsipyo, sa praktika nama'y lipas na dahil ganap nang nagbago ang sitwasyon sa pulitika at winalis sa balat ng lupa ng pagsulong ng kasaysayan ang mas malaking bahagi ng mga partido sa pulitika na inilahad doon.

Magkagayunman, ang *Manifesto* ay naging isang istorikong dokumento na wala na tayong anumang karapatang baguhin. Maaaring lumabas ang kasunod na edisyon na may introduksyon na magtutulay sa gawak mula 1847 hanggang sa kasalukuyan; pero di gaanong inasaahan ang muling paglilimbag na ito kaya hindi na kami nagkaroon ng panahon para sa ganoon.

Karl Marx
Frederick Engels

Hunyo 24, 1872
London

PAUNANG SALITA SA 1882 EDISYONG RUSO⁷

Inilathala sa maagang bahagi ng dekada 1860⁸ ng palimbagan ng *Kolokol*⁹ ang unang edisyong Ruso ng *Manipesto ng Partido Komunista* na isinalin ni Bakunin. Noon, isa lamang literaryong kuryosidad ang nakikita ng Kanluran dito (ang edisyong Ruso ng *Manipesto*). Imposible na sa kasalukuyan ang gayong pananaw.

Ang limitadong saklaw na inookupa ng proletaryong kilusan sa panahong iyon (Disyembre 1847) ay pinakamalinaw na ipinakita ng huling seksyon: ang pusisyon ng mga Komunista kaugnay ng iba't ibang partidong oposisyon sa iba't ibang bayan. Ang Rusya at United States mismo ang hindi kasali dito. Panahon noon nang ang Rusya ang pinakahuling malaking reserba ng lahat ng reaksyong Europeo, nang sinalo ng United States ang sarplas na proletaryong mga pwersa ng Europa sa pamamagitan ng imigrasyon. Nagbibigay sa Europa ang dalawang bayan ng hilaw na materyales at kasabay nito ay mga pamilihan para sa pagbebenta ng kanyang mga produktong industriyal. Samakatwid, sa anu't anuman, kapwa'y mga haligi ng umiiral na sistemang Europeo.

Ibang-iba na ngayon. Inakma ng imigrasyong Europeo mismo ang Hilagang Amerika para sa pagkalaki-laking produksyong pang-agrikultura, at niyayanig ng kanilang pakikipagkumpitensya ang pinakapundasyon ng Europeanong pag-aari sa lupa – malaki't maliit. Kasabay

nito, binigyan nito ng kakayahan ang United States na gamitin ang napakalawak na rekursong industriyal nito sa kasigasigan at saklaw na di magtatagal ay babasag sa monopolyo sa industriya ng Kanluraning Europa, at laluna ng England, na umiiral hanggang sa ngayon. Ang dalawang sirkunstansyang ito'y umaapekto sa rebolusyonaryong paraan sa Amerika mismo. Hakbang-hakbang na nagagapi ng kumpetisyon sa dambuhalang mga sakahan ang maliit at panggitnang pag-aari sa lupa ng mga magsasaka, na siyang batayan ng buong konstitusyon sa pulitika; kasabay nito, umuunlad ang isang masang proletaryadong industriyal at kagila-gilalas na konsentrasyon ng pondong kapital sa kauna-unahang panahon sa mga rehiyong industriyal.

At ngayon, ang Rusya! Sa panahon ng Rebolusyon ng 1848-49, ang naging tanging kaligtasan hindi lamang ng mga prinsipeng Europeo kundi pati na ng Europeanong burges mula sa proletaryado na nagsisimula pa lamang magbangon ay nasa panghihimasok ng Rusya. Iprinoklama ang tsar bilang pinuno ng reaksyong Europeo. Sa kasalukuyan, isa siyang bihag ng digma ng rebolusyon sa Gatchina,¹⁰ at ang Rusya ang siyang taliba ng rebolusyonaryong aksyon sa Europa.

Ang layon ng *Manipestong Komunista* ay ang proklamasyon ng di maiiwasang napipintong pagkalusaw ng modernong pag-aaring burges. Pero sa Rusya, kaharap ng mabilis na bumubulaklak na panggagantsong kapitalista at pag-aaring burges na nagsisimula pa lamang umunlad, naririyang ang higit sa kalahati ng lupa

na inaari nang komun ng mga magsasaka. Ngayon ang usapin ay: maaari bang tuwirang magtungo ang *obshchina** ng Rusya, na bagamat pinapanghina na nang husto, ay isa pang anyo ng primibal na pag-aaring komun ng lupa, tungo sa mas mataas na anyo ng Komunistang pag-aaring komun? O, kabaligtaran nito, dapat ba muna itong magdaan sa proseso ng pagkalusaw katulad ng bumubuo sa istorikong ebolusyon ng Kanluran?

Ang tanging sagot na posible ngayon sa tanong na iyon ay ito: kung ang Rebolusyong Ruso ang magiging hudyat para sa proletaryong rebolusyon sa Kanluran sa paraang nagkukumplementa ang dalawa sa isa't isa, maaaring magsilbi ang kasalukuyang pag-aaring komun ng lupa sa Rusya bilang pagsisimulang punto para sa komunistang pag-unlad.

KARL MARX
FREDERICK ENGELS

Enero 21, 1882
London

*komunidad sa baryo

PAUNANG SALITA SA 1883 EDISYONG GERMAN¹¹

Sa kasawiang palad, ang paunang salita sa kasalukuyang edisyon ay kailangang nag-iisa kong lagdaan. Ang taong higit na pinagkakautangan ng buong uring manggagawa ng Europa at Amerika kaysa kaninuman, si Marx – ay namamahinga na sa Highgate Cemetery (Himlayang Highgate) at tumutubo na ang unang damo sa ibabaw ng kanyang puntod. Mula nang siya’y mamatay [Marso 13, 1883], lalong hindi na mapag-iisipan pa ang pagrerebisa o pagsusuplemento sa *Manipesto*. Gayunman, itinuturing kong lalong kinakailangang tuwirang sabihing muli ang sumusunod:

Ang saligang kaisipang tumatagos sa *Manipesto* – na ang produksyong pang-ekonomya, at ang istruktura ng lipunan ng bawat istorikong kapanahunang kinakailangang lumitaw mula rito, ang bumubuo ng pundasyon para sa kasaysayang pampulitika at intelektwal ng kapanahunang iyon; at bunga nito (magmula ng pagkalusaw ng primebal na pag-aaring komunal sa lupa), lahat ng kasaysayan ay isang kasaysayan ng mga tunggalian sa uri, ng tunggalian sa pagitan ng pinagsasamantalahan at nagsasamantala, sa pagitan ng dinodolina at nagdodominang mga uri sa iba’t ibang yugto ng ebolusyong panlipunan; na ang pakikibakang ito ay nakarating na sa yugto kung saan hindi mapapalaya ng pinagsasamantalahan at aping uri (ang proletaryado) ang sarili mula sa uri na

nagsasamantala at nang-aapi sa kanya (ang burgesya) nang hindi kaalinsabay na panghabampanahon na pinapalaya ang kabuuan ng lipunan mula sa pagsasamantala, pang-aapi, makauring pakikibaka - ang saligang kaisipang ito ay solo at eksklusibong kay Marx.¹²

Maraming beses ko nang nailahad ito; pero kailangan sa panahong ito'y tumayo rin ito sa harap ng *Manifesto* mismo.

FREDERICK ENGELS
Hunyo 28, 1883
London

PAUNANG SALITA SA 1888 EDISYONG INGLES

Inilathala ang *Manifesto* bilang plataporma ng Ligang Komunista, isang samahang manggagawa na noong una'y German lamang, pero di nagtagal ay naging pandaigdigan, at sa ilalim ng mga kalagayan sa pulitika ng Kontinente bago ng 1848, di maiiwasang maging lihim na kapisanan. Sa Kongreso ng Liga na idinaos noong Nobyembre 1847, kinumisyon sina Marx at Engels na maghanda ng isang kumpletong teoretikal at praktikal na programa ng partido. Binalangkas sa German noong Enero 1848, ipinadala ang manuskrito sa tagalimbag sa London ilang linggo bago ng Rebolusyong Pranses ng Pebrero 24. Inilabas sa Paris ang isang saling Pranses sandali lang bago ng insureksyon ng Hunyo 1848. Lumabas ang unang salin sa Ingles ni Bb. Helen Macfarlane sa Red Republican ni George Julian Harney, London, 1850. Nailathala na rin ang isang edisyong Danish at Polish.

Sa isang panahon, itinulak sa likuran ang mga adhikaing panlipunan at pampulitika ng uring manggagawang Europeo ng pagkatalo ng insureksyon ng Paris ng Hunyo 1848 - ang unang dakilang sagupaan sa pagitan ng proletaryado at burgesya. Magmula noon, ang tunggalian para sa pangigingibabaw, katulad muli ng panahon bago ng Rebolusyong Pebrero, ay sa pagitan lamang ng iba't ibang seksyon ng uring may pag-aari; nalimita ang uring manggagawa sa pakikibaka para sa maniobrahan sa pulitika, at sa pusisyon ng dulong panig

ng mga Radikal na panggitnang uri. Saanman patuloy na magpakita ng palatandaang buhay ito, ang independyenteng proletaryong mga kilusan ay malupit na tinutugis. Sa gayon, pinaghahanap ng pulis Prussian ang Sentral na Lupon ng Ligang Komunista na noo'y nasa Cologne. Inaresto ang mga kagawad nito, at matapos ang labingwalong buwang pagkakabilanggo, nilitis sila noong Oktubre 1852. Nagtagal ang bantog na "Paglilitis sa Komunista sa Cologne"¹³ mula Oktubre 4 hanggang Nobyembre 12; pito sa mga bilanggo ay sinentensyahan ng pagkabilanggo sa isang kuta sa iba't ibang tagal mula tatlo hanggang anim na taon. Pagkatapos na pagkatapos ng sentensya, pormal na binuwag ang Liga ng nalalabing mga kagawad. Para naman sa *Manipesto*, mula noo'y mukhang tiyak nang mababaon ito sa limot.

Nang makapagtipon muli ng sapat na lakas ang mga manggagawang Europeo para sa isa pang atake sa mga naghaharing uri, sumilang ang Internasyunal na Asosasyon ng mga Manggagawa. Pero hindi pa kayang agad na iproklama ng asosasyong ito, na binuo para sa tuwirang layunin na bigkisin sa iisang kwerpo ang buong militanteng proletaryado ng Europa at Amerika, ang mga prinsipyong inilatag sa *Manipesto*. Kailangan magtaglay ang Internasyunal ng programang may sapat na lapad para maging katanggap-tanggap sa mga unyon sa England, sa mga tagasunod ni Proudhon sa France, Belgium, Italy, at Espanya, at sa mga Lassalleen sa Germany.¹⁴

Lubos ang pagtitiwala ni Marx, na nagbalangkas ng programang ito sa kasiyahan ng lahat ng partido, sa

intelektwal na pag-unlad ng uring manggagawa, na tiyak na ibubunga ng pinagsamang aksyon at mutwal na talakayan. Di maiiwasang ipaunawa sa isip ng tao ng mga pangyayari mismo, at mga ikot at liko sa pakikibaka laban sa kapital, ng mga pagkatalo higit pa kaysa mga tagumpay, ang pagiging di sapat ng iba't iba nilang paboritong panlunas sa lahat, at di maiiwasang ihanda ang daan para sa isang mas ganap na pag-unawa sa tunay na mga kondisyon para sa pagpapalaya ng uring manggagawa. At tama si Marx. Nang malansag ang Internasyunal noong 1874, iniwan nito ang mga manggagawa na ibang-iba kaysa nang datnan ito noong 1864. Pumapanaw na ang Proudhon-ismo sa France at Lassalleismo sa Germany, at kahit na ang konserbatibong mga unyon sa England, bagamat ang karamihan sa kanila'y matagal nang nagputol ng ugnay sa Internasyunal, ay unti-unting sumusulong sa punto na masasabi ng kanilang pangulo, sa nakaraang taon sa Swansea, sa kanilang ngalan: "Nawala na ang sindak ng kontinental na sosyalismo para sa amin."¹⁵ Sa katunayan, malaki na ang pagsulong ng mga prinsipyo ng *Manifesto* sa hanay ng mga manggagawa ng lahat ng bayan.

Sa gayon, sumulong muli sa unahan ang *Manifesto* mismo. Mula noong 1850, ilang ulit na muling inilathala ang tekstong German sa Switzerland, England, at Amerika. Noong 1872, isinalin ito sa Ingles sa New York, kung saan inilathala ang salin sa *Woodhull and Claflin's Weekly*¹⁶. Mula sa bersyong Ingles na ito, ginawa ang isang salin sa Pranses sa *Le Socialiste* ng New York. Mula

noon, di kukulangin sa dalawa pang salin sa Ingles, na humigit-kumulang ay napira-piraso na, ang nailabas sa Amerika, at isa rito ay muling inilathala sa England. Inilathala sa tanggapang *Kolokol* ni Herzen sa Geneva noong 1863 ang unang salin sa Ruso ni Bakunin; at ang pangalawang salin ng bayaning si Vera Zasulich¹⁷ ay inilabas rin sa Geneva noong 1882. Matatagpuan ang isang bagong edisyong Danish¹⁸ sa *Sozialdemokratisk Bibliothek* sa Copenhagen, 1885; at ang isang bagong saling Pranses sa *Le Socialiste*, Paris, noong 1886.¹⁹ Mula sa huling nabanggit, inihanda at inilathala sa Madrid, 1886,²⁰ ang isang bersyong Espanyol. Kung hindi bibilangin ang mga reprint na German, mayroong di kukulangin sa labindalawang edisyon. Nabanggit sa akin na hindi natuloy ang isang salin sa Armenian na ilalathala sana sa Constantinople noong nakaraang ilang buwan dahil natatakot ang tagalathala na maglabas ng aklat na may pangalan ni Marx, habang tumanggi naman ang nagsalin na tawagin itong sarili niyang produksyon. Narinig ko lamang ang iba pang salin sa iba pang mga lenggwahe pero hindi ko nakita. Sa gayon, sinasalamin ng kasaysayan ng *Manipesto* ang kasaysayan ng modernong kilusang manggagawa; sa kasalukuyan, walang dudang ito ang pinakamalaganap, pinakapandaigdigang produksyon ng lahat ng panitikang sosyalista, ang platapormang komun na kinikilala ng milyun-milyong manggagawa mula sa Siberia hanggang California.

Pero nang ito'y isinulat, hindi natin maaaring tawagin itong isang manipestong Sosyalista. Noong 1847, ang

pagkakaunawa sa mga Sosyalista sa isang banda ay mga tagapanalig ng iba't ibang sistemang Utopyan: mga Owenite sa England, mga Fourierista sa France, na kapwa nauwi na sa pusisyon ng mga sekta lamang, at unti-unting pumapanaw; sa kabilang banda, pinakasamu't saring mga albularyong panlipunan na nagsasabing iwinawasto nila ang lahat ng tipo ng mga karaingang panlipunan nang walang anumang panganib sa kapital at tubo, sa pamamagitan ng lahat ng paraan ng pangangalikot; sa dalawang kaso, ang mga ito'y mga taong nasa labas ng kilusang manggagawa, at nakatingin pa nga sa mga uring "edukado" bilang suporta. Tinatawag ang sarili na Komunista ng anumang bahagi ng uring manggagawa na kumbinsido sa di pagkakasapat ng mga rebolusyon lamang sa pulitika at nagpapahayag ng pangangailangan ng ganap na pagbabagong panlipunan. Ito'y isang krudo, magaspang at purong instinktibong tipo ng Komunismo; gayunman, tumuon ito sa kardinal na punto at may sapat na kapangyarihan sa hanay ng uring manggagawa para likhain ang komunismong Utopyan ni Cabet sa France, at ni Weitling sa Germany. Samakatwid, noong 1847, ang sosyalismo ay isang kilusan ng panggitnang uri, at ang komunismo ay isang kilusang manggagawa. Ang sosyalismo, sa pinakamenos sa Kontinente, ay "kapita-pitagan"; tuwirang kabaligtaran nito ang komunismo. At dahil ang aming ideya, mula't sapul, ay "ang pagpapalaya ng mga manggagawa ay dapat maging akto ng uring manggagawa mismo,"²¹ walang anumang pagdududa kung alin sa dalawang pangalan ang dapat nating

taglayin. Dagdag pa, magmula noon, hinding-hindi namin ito itinatakwil.

Dahil ang *Manipesto* ay produkto naming dalawa, itinuturing kong kailangan kong sabihin na ang pundamental na proposiyon na bumubuo ng bag-as nito ay kay Marx. Ang proposisyong iyon ay: Sa bawat istorikong kapanahunan, ang nangingibabaw na moda sa produksyon at palitang pang-ekonomya, at ang organisasyong panlipunang walang salang ibubunga nito, ang bumubuo ng batayan kung saan ito naitatayo, at batayan kung paano tanging maipapaliwanag ang kasaysayang pampulitika at intelektwal ng kapanahunang iyon; na bunga nito, ang buong kasaysayan ng sangkatauhan (mula nang malusaw ang primitibong lipunang tribu, na nagmamay-arang komun sa lupa) ay kasaysayan ng mga tunggalian sa uri, mga sagupaan sa pagitan ng nagsasamantala at pinagsasamantalahan, naghahari at aping mga uri; na ang kasaysayan ng mga tunggalian sa uring ito ay bumubuo ng isang serye ng ebolusyon kung saan narating ang isang yugto sa kasalukuyan na hindi maaaring matamo ng pinagsasamantalahan at aping uri – ang proletaryado – ang paglaya nito mula sa paghahari ng nagsasamantala at naghaharing uri – ang burgesya – nang hindi pinalalaya, kasabay nito at minsanan, ang lipunan sa pangkalahatan mula sa lahat ng pagsasamantala, pang-aapi, kaibahan sa uri at tunggalian sa uri.

Ang panukalang ito, na sa aking opinyon ay nakatadhanang gawin para sa kasaysayan kung ano ang ginawa

ng teorya ni Darwin para sa bayolohiya, ay kapwa namin unti-unting nararating ilang taon na bago 1845. Makikita sa aking *Conditions of the Working Class in England* (Ang mga Kalagayan ng Uring Mang-gagawa sa England*) kung gaano na ang independyente kong pagsulong tungo rito. Pero nang makausap ko muli si Marx sa Brussels noong tagsibol ng 1845, nabuo na niya ito at inilahad sa akin sa mga salitang halos kasinlinaw ng pagkakalahad ko rito.

Mula sa paunang salita naming dalawa sa edisyong German ng 1872, sisipiin ko ang sumusunod:

“Gaanuman nagbago ang katayuan ng mga bagay-bagay sa loob ng nakaraang dalawampu’t limang taon, sa kabuuan, ang pangkalahatang mga prinsipyo na inilatag sa Manipesto ay wasto sa kasalukuyan tulad ng dati. Maaaring mapahusay ang ilang detalye sa banda dito at doon. Gaya ng isinasaad mismo ng Manipesto, ang praktikal na paglalapat ng mga prinsipyo ay nakasalalay, sa lahat ng lugar at sa lahat ng panahon, sa istorikong mga kalagayan na pansamantalang umiiral, at dahil dito, hindi nagbigay ng espesyal na diin sa mga rebolusyonaryong hakbang na ipinanukala sa dulo ng Seksyon II. Ibang-iba kung ilalahad ang bahaging iyon sa kasalukuyan sa maraming aspeto. Dahil sa pagkalalaking pagsulong ng Modernong Industriya

*The Condition of the Working Class in England in 1844, ni Frederick Engels. Isinalin ni Florence K. Wischnewetzky, New York, Lovell – London, W. Reeves, 1888. [Tala ni Engels]

mula 1848, at sa kaakibat nitong mas mahusay at malawak na organisasyon ng uring manggagawa,²² bunga ng praktikal na karanasang natamo, una sa Rebolusyong Pebrero, at pagkatapos, mas higit pa, sa Komuna ng Paris kung saan sa kauna-unahang panahon hinawakan ng proletaryado sa loob ng dalawang buong buwan, sa ilang detalye, ang programang ito ay lipas na. Isang bagay ang lalú't higit na napatunayan ng Komuna, ibig sabihin, na “hindi maaaring simpleng tanganan na lamang ng uring manggagawa ang yari nang makinarya ng estado, at gamitin ito para sa sarili niyang layon.” (Tingnan ang *Civil War in France: Address of the General Council of the International Working Men's Association* [Ang Digmaang Sibil sa France: Talumpati ng Pangkalahatang Konseho ng Internasyunal na Asosasyon ng mga Manggagawa] 1871, kung saan ibayong pinalawig ang puntong ito.) Dagdag pa, napakalinaw naman na di na sapat ang kritisismo sa panitikang sosyalista kaugnay ng kasalukuyang panahon, dahil ito'y hanggang 1847 lamang; gayundin, ang mga pangungusap kaugnay ng relasyon ng mga Komunista sa iba't ibang partidong oposisyon (Seksyon IV), kahit na wasto sa prinsipyo, sa praktika nama'y lipas na dahil ganap nang nagbago ang sitwasyon sa pulitika at winalis sa balat ng lupa ng pagsulong ng kasaysayan ang mas malaking bahagi ng mga partido sa pulitika na inilahad doon.

“Magkagayunman, ang *Manipesto* ay naging isang istorikong dokumento na wala na tayong anumang karapatang baguhin.”

Ang kasalukuyang salin ay ginawa ni G. Samuel Moore, ang nagsalin sa malaking bahagi ng *Kapital* ni Marx. Nagtulong kami sa pagrerebisa nito, at nagdagdag ako ng ilang tala na naglilinaw sa mga tinutukoy sa kasaysayan.

FREDERICK ENGELS

Enero 30, 1888

London

PAUNANG SALITA SA 1890 EDISYONG GERMAN²³

Mula nang isulat²⁴ (ang paunang salita sa 1883 edisyong German), kinailangan muli ang isang bagong edisyong German ng *Manipesto*, at marami ring nangyari sa *Manipesto* na dapat tukuyin dito.

Lumitaw sa Geneva noong 1882 ang ikalawang salin sa Ruso – ang kay Vera Zasulich; isinulat namin ni Marx ang paunang salita sa edisyong iyon. Sa kasawampalad, nawala ang orihinal na manuskritong German; dapat kong muling isalin ito mula sa Ruso na hindi makapagpapaganda sa teksto.²⁵ Isinasaad nito:

“Inilathala sa maagang bahagi ng dekada 1860 ng palimbagan ng *Kolokol* ang unang edisyong Ruso ng *Manipesto ng Partido Komunista* na isinalin ni Bakunin. Noon, isa lamang literaryong kuryosidad ang nakikita ng Kanluran dito (ang edisyong Ruso ng *Manipesto*). Imposible na sa kasalukuyan ang gayong pananaw.

“Ang limitadong saklaw na inookupa ng proletaryong kilusan sa panahong iyon (Disyembre 1847) ay pinakamalinaw na ipinakita ng huling seksyon: ang pusisyon ng mga Komunista kaugnay ng iba’t ibang partidong oposisyon sa iba’t ibang bayan. Ang Rusya at United States mismo ang hindi kasali dito. Panahon noon nang ang Rusya ang pinakahuling malaking reserba ng lahat ng reaksyong Europeo, at sinalo ng United States ang sarplang proletaryong mga pwersa ng Europa sa pamamagitan ng imigrasyon. Nagbibigay sa Europa ang

dalawang bayan ng hilaw na materyales at kasabay nito ay mga pamilihan para sa pagbebenta ng kanyang mga produktong industriyal. Samakatwid, sa anu't anuman, kapwa'y mga haligi ng umiiral na sistemang Europeo.

"Ibang-iba na ngayon. Inakma ng imigrasyong Europeo mismo ang Hilagang Amerika para sa pagkalaki-laking produksyong pang-agrikultura, at niyayanig ng kanilang pakikipagkumpitensya ang pinakapundasyon ng Europeanong pag-aari sa lupa - malaki't maliit. Kasabay nito, binigyan nito ng kakayahan ang United States na gamitin ang napakalawak na rekursong industriyal nito sa kasigasigan at saklaw na di magtatagal ay babasag sa monopolyo sa industriya ng Kanluraning Europa, at laluna ng England, na umiiral hanggang sa ngayon. Ang dalawang sirkunstansyang ito'y umaapekto sa rebolusyonaryong paraan sa Amerika mismo. Hakbang-hakbang na nagagapi ng kumpetisyon sa dambuhalang mga sakahan ang maliit at panggitnang pag-aari sa lupa ng mga magsasaka, na siyang batayan ng buong konstitusyon sa pulitika; kasabay nito, umuunlad ang isang masang proletaryadong industriyal at kagila-gilalas na konsentrasyon ng pondong kapital sa kauna-unahang panahon sa mga rehiyong industriyal.

"At ngayon, ang Rusya! Sa panahon ng Rebolusyon ng 1848-49, ang naging tanging kaligtasan hindi lamang ng mga prinsipeng Europeo kundi pati na ng Europeanong burges mula sa proletaryado na nagsisimula pa lamang magbangon ay nasa panghihimasok ng Ruso. Iprinoklama ang tsar bilang pinuno ng reaksyong Europeo. Sa kasalukuyan, isa siyang bihag ng digma ng rebolusyon sa Gatchina, at ang Rusya ang siyang taliba ng rebolusyonaryong aksyon sa Europa.

“Ang layon ng *Manipestong Komunista* ay ang proklamasyon ng di maiiwasang napipintong disolusyon ng modernong pag-aaring burges. Pero sa Rusya, kaharap ng mabilis na bumubulaklak na panggagantsong kapitalista at pag-aaring burges na nagsisimula pa lamang umunlad, naririyan ang higit sa kalahati ng lupa na inaaring komun ng mga magsasaka. Ngayon ang usapin ay: maaari bang tuwirang magtungo ang *obshchina* ng Rusya, na bagamat pinapanghina na nang husto ay isa pang anyo ng primibal na pag-aaring komun ng lupa, tungo sa mas mataas na anyo ng Komunistang pag-aaring komun? O, kabaligtaran nito, dapat ba muna itong magdaan sa proseso ng disolusyon katulad ng bumubuo sa istorikong ebolusyon ng Kanluran?

“Ang tanging sagot na posible ngayon sa tanong na iyon ay ito: kung ang Rebolusyong Ruso ang magiging hudyat para sa proletaryong rebolusyon sa Kanluran sa paraang nagkukomplementa ang dalawa sa isa’t isa, maaaring magsilbi ang kasalukuyang pag-aaring komun sa Rusya bilang pagsisimulang punto para sa komunistang pag-unlad.”

Karl Marx

Frederick Engels

“Enero 21, 1882 London”

Sa mga petsa ring iyon, lumabas ang isang bagong bersyong Polish sa Geneva: *Manifest Kommunistyczny*.

Dagdag pa, lumabas ang isang bagong saling Danish sa *Socialdemokratisk Bibliothek*, Copenhagen, 1885. Sa kasawiampalad, hindi ito kumpleto; ilang esensyal na pangungusap, na mukhang naging mahirap para sa

tagasalin, ang hindi naisali, at dagdag pa, may mga palatandaan ng kawalang ingat sa ilang bahagi, na higit na tumatampok dahil ipinahihiwatig na kung higit na nagsikhay ang tagasalin, napakahusay sana ang kanyang nagawa.

Lumabas ang bagong bersyong Pranses noong 1886, sa *Le Socialiste* ng Paris; ito ang pinakamahusay na nailathala hanggang sa ngayon.

Mula sa huling nabanggit, inilathala ang bersyong Espanyol sa taon ding iyon sa *El Socialista* ng Madrid, at pagkatapos ay muling inilabas sa anyong pampleto: *Manifiesto del Partido Comunista por Carlos Marx y F. Engels*, Madrid, *Administracion de El Socialista*, Hernan Cortes 8.

Para sa gustong makabatid, mababanggit ko rin na noong 1887, inialok sa isang tagapaglathala sa Constantinople ang manuskrito ng salin sa Armenian. Pero walang lakas ng loob ang butihing ginoo na maglathala ng isang akdang may pangalan ni Marx at iminungkahi sa tagasalin na ilagay ang kanyang sariling pangalan bilang may-akda, na tinanggihan naman ng huli.

Matapos na paulit-ulit na ilathala sa England ang isa, o iba pa sa humigit-kumulang ay di eksaktong mga saling Amerikano, sa wakas ay lumabas noong 1888 ang isang tunay na bersyon. Gawa ito ng kaibigan kong si Samuel Moore, at muling pinasadahan ito naming dalawa bago ito inilimbag. Pinamagatan itong: *Manifesto of the Communist Party, by Karl Marx and Frederick Engels*.

Authorized English translation, edited and annotated by Frederick Engels, 1888, London, William Reeves, 185 Fleet Street, E. C. Idinagdag ko ang ilan sa mga tala ng edisyong iyon sa kasalukuyang edisyon.

Nagkaroon na ng sariling kasaysayan ang *Manipesto*. Sinalubong ito ng kasiglahan nang ito’y lumabas ng hindi napakaraming taliba ng syentipikong sosyalismo (gaya ng pinatunayan ng mga salin na nabanggit sa una), di nagtagal ay itinulak ito sa likuran ng reaksyon na nagsimula sa pagkatalo ng mga manggagawa sa Paris noong Hunyo 1848, at sa huli’y inekskomunika “sa pamamagitan ng batas” nang hatulan ang mga Komunista ng Cologne noong Nobyembre 1852. Nang mawala sa harap ng publiko ang kilusang manggagawa na nagsimula noong Rebolusyong Pebrero, nalagay rin sa likuran ang *Manipesto*.

Nang makapagtipon muli ng sapat na lakas ang mga manggagawang Europeo para sa isa pang atake sa mga naghaharing uri, sumilang ang Internasyunal na Asosasyon ng mga Manggagawa. Layunin nito na bigkisin sa *iisang* malaking hukbo ang buong militanteng uring manggagawa ng Europa at Amerika. Kung gayon, hindi nito kayang *magsimula* sa mga prinsipyong inilatag sa *Manipesto*. Kailangan magtaglay ito ng programang hindi magsasara ng pinto sa mga unyon ng England, sa mga Proudhonista sa France, Belgium, Italy, at Espanya, at sa mga Lassalleen sa Germany.²⁶ Ang programang ito—ang preambulo ng Mga Alituntunin ng Internasyunal—ay napakahusay na binalangkas ni Marx

na inaamin mismo ni Bakunin at mga anarkista. Para sa ultimong ganap na tagumpay ng mga ideyang inilatag sa *Manipesto*, umasa si Marx tangi sa intelektwal na pag-unlad ng uring manggagawa dahil kinakailangang ibunga ito mula sa nagkakaisang pagkilos at talakayan. Ang mga pangyayari at mga ikot at liko sa pakikibaka laban sa kapital, at ang mga pagkatalo higit sa mga tagumpay, ay hindi maaaring hindi makapagpakita sa mga nakikibaka na hindi sapat ang kanilang dating unibersal na panlunas sa lahat, at makapagbubukas ng kanilang isip sa puspusang pag-unawa sa tunay na mga kondisyon para sa pagpapalaya sa uring manggagawa. At tama si Marx. Ibang-iba na ang uring manggagawa ng 1874, sa pagkalusaw ng Internasyunal, sa uring manggagawa ng 1864, nang ito'y itatag. Pumapanaw na ang Proudhonismo sa mga bayang Latino, at ang partikular na Lassalleismo sa Germany; at kahit na ang sukdulang konserbatibong mga unyon ng England ay unti-unting lumalapit sa kalagayan na masasabi na ng tagapangulo ng kanilang Kongresong Swansea noong 1887 sa kanilang ngalan na: "Nawala na ang sindak ng kontinental na sosyalismo para sa amin." Pero noong 1887, ang kontinental na sosyalismo ay halos eksklusibong ang teoryang ipinapahayag sa *Manipesto*. Kung gayon, hanggang sa isang antas, sinasalamin ng kasaysayan ng *Manipesto* ang kasaysayan ng modernong kilusang manggagawa mula noong 1848. Sa kasalukuyan, walang dudang ito ang pinakamalaganap at pinakapandaigdigang produkto ng lahat ng panitikang sosyalista, ang programang komun ng milyun-milyong

manggagawa ng lahat ng bayan mula Siberia hanggang California.

Pero nang ito'y isinulat, hindi natin maaaring tawagin itong isang manipestong Sosyalista. Noong 1847, dalawang tipo ng tao ang itunuturing na sosyalista. Sa isang banda ito ay mga tagapanalig ng iba't ibang sistemang utopyan, laluna ang mga Owenite sa England at mga Fourierista sa France, na sa panahong iyon ay kapwa lumiit bilang mga sekta na lamang na unti-unting nawawala. Sa kabilang banda, ito ay pinakasamu't saring mga albularyong panlipunan na naghahangad na pawiin ang mga abusong panlipunan sa pamamagitan ng kanilang iba't ibang unibersal na panlunas-sa-lahat at lahat ng tipo ng pagpapatsi-patsi, nang hindi sumasalig kahit sa kalingkingan ng kapital at tubo. Sa dalawang kaso, ang mga ito'y mga taong nasa labas ng kilusang manggagawa, at nakatingin pa nga sa mga uring "edukado" bilang suporta. Samantala, ang seksyon ng uring manggagawa na humihingi ng radikal na rekonstruksyon ng lipunan, at kumbinsido na hindi sapat ang mga rebolusyong pampulitika lamang ay tumatawag sa sarili na *Komunista*. Ito'y magaspang pa at instinktibo lamang, at kadalasa'y may pagkakrudong Komunismo. Gayunman, may sapat itong kapangyarihan para likhain ang dalawang sistema ng komunismong utopyan - sa France, ang mga komunistang "*Icarian*" ni Cabet, at sa Germany, iyong kay Weitling. Noong 1847, ang sosyalismo ay nangangahulugang isang kilusang burges, at ang komunismo, isang kilusang manggagawa. Ang

sosyalismo, sa Kontinente sa pinakamayos, ay napakakapita-pitagan, habang tuwirang kabaligtaran nito ang komunismo. At dahil matibay na ang aming upinyon noon pa man na “ang pagpapalaya ng mga manggagawa ay dapat maging tungkulin ng uring manggagawa mismo,” walang anumang pag-aalinlangan kung alin sa dalawang pangalan ang dapat naming piliin. Ni hindi sumagi sa aming isip na itinatakwil ito.

“Mga manggagawa ng lahat ng bayan, magkaisa!” Iilan lamang na tinig ang tumugon nang aming iproklama ang mga salitang ito sa daigdig apatnapu’t dalawang taon na ang nakalipas, sa bisperas ng unang Rebolusyon sa Paris kung saan naglabas ang proletaryado ng sarili nitong mga kahilingan. Gayunman, noong Setyembre 28, 1864, ang mga manggagawa ng karamihan sa mga bayan sa Kanluraning Europa ay nagkapit-bisig sa Internasyunal na Asosasyon ng mga Manggagawa na may maningning na kasaysayan. Totoo ngang nabuhay lamang ng siyam na taon ang Internasyunal mismo. Pero walang mas magandang saksi kaysa kasalukuyan na ang walang hanggang pagkakaisa ng mga manggagawa ng lahat ng bayan na nilikha nito ay buhay pa at nabubuhay nang mas malakas kaysa dati. Dahil ngayon, habang sinusulat ko ang mga pangungusap na ito, ihinahanda ng proletaryadong Europeo at Amerikano ang mga pwersang panlaban nito, na pinakikilos sa kaunahang pagkakataon, na pinakikilos bilang *isang* hukbo, sa ilalim ng *isang* bandila, para sa *isang* kagyat na layunin:

itakda ang istandard na walong-oras na araw-paggawa sa pamamagitan ng pagsasabatas nito, gaya ng ipinahayag ng Kongresong Geneva ng Internasyunal noong 1866, at muli ng mga Kongreso ng mga Manggagawa sa Paris ng 1889.²⁷ At bubuksan ang mga mata ng mga kapitalista at panginoong maylupa ng lahat ng bayan sa katotohanan ng malaking pangyayari ngayon na sa kasalukuyan, tunay ngang nagkakaisa ang mga manggagawa ng lahat ng bayan.

Sana'y naririto si Marx sa aking tabi para masaksihan ito ng sarili niyang mga mata!

FREDERICK ENGELS

May 1, 1890
London

PAUNANG SALITA SA 1892 EDISYONG POLISH²⁸

Dahil kailangan ng bagong edisyong Polish ng *Manipestong Komunista*, iba't ibang bagay ang sumasagi sa isip.

Una sa lahat, katangi-tangi na nitong huli, maaaring sabihing naging palatandaan ang *Manipesto* ng pag-unlad ng malawakang saklaw na industriya sa kontinenteng Europeo. Lumalaki ang demand sa hanay ng mga manggagawa ng isang takdang bayan para sa paliwanag tungkol sa kanilang pusisyon bilang uring anakpawis kaugnay ng mga uring may pag-aari, lumalaganap sa kanilang hanay ang kilusang sosyalista, at lumalakas ang demand para sa *Manipesto* sa proporsyong lumalawak ang malawakang saklaw na industriya sa bayang iyon. Sa gayon, masusukat hindi lamang ang katayuan ng kilusang paggawa kundi maging ang antas ng pag-unlad ng malawakang saklaw na industriya nang may pagkawasto sa lahat ng bayan ayon sa dami ng kopya ng *Manipesto* na lumalaganap sa lenggwahe ng bayang iyon.

Batay dito, ipinapahiwatig ng bagong edisyong Polish na may malaki-laking pag-unlad ang industriya ng Poland. At walang kaduda-duda na aktwal na naganap ang pag-unlad na ito mula noong nakaraang edisyon na inilathala sampung taon na ang nakaraan. Naging malaking rehiyong industriyal ng Imperyong Ruso ang Poland na Ruso, ang Poland na Kongreso.²⁹ Habang kalat-kalat ang malawakang saklaw na industriya ng

Rusya – isang bahagi sa paligid ng Gulpo ng Finland, ang isa pa sa sentro (Moscow at Vladimir), at ikatlong bahagi sa baybayin ng mga karagatang Black at Azov, at iba pa sa ibang dako – ang industriyang Polish ay nakasiksik sa isang relatibong maliit na lugar at nagtatamasa kapwa ng mga bentahe at disbentaheng dulot ng ganoong konsentrasyon. Kinilala ng karibal na mga tagamanupakturang Ruso ang mga bentahe nang humingi sila ng protektibong taripa laban sa Poland, sa kabila ng marubdob nilang pagnanais na transpormahin bilang Ruso ang mga taga-Poland. Makikita ang mga disbentahe – para sa tagamanupakturang Polish at sa gubyernong Ruso – sa mabilis na paglaganap ng mga ideyang sosyalista sa hanay ng mga manggagawang Polish at sa lumalaking demand para sa *Manipesto*.

Pero ang mabilis na pag-unlad ng industriyang Polish, na lumampas sa pag-unlad ng Rusya, ay bagong patunay naman sa walang pagkaubos na kasiglahan ng sambayanang Polish at bagong garantiya ng napipintong pambansang restorasyon nito. At ang restorasyon ng isang nagsasarili at malakas na Poland ay bagay na mahalaga hindi lamang sa mga taga-Poland kundi sa ating lahat. Posible lamang ang isang tapat na internasyunal na kolaborasyon ng mga bansang Europeo kung ang bawat isa sa mga bansang ito ay ganap na awtonomo sa sarili nitong tahanan. Ang Rebolusyon ng 1848, na nagpasa nga lamang sa proletaryong mga mandirigma ng trabaho ng burgesya sa ilalim ng bandila ng proletaryado, ay nakakamit din

ng kasarinlan ng Italy, Germany at Hungary sa pamamagitan ng nagpamanang mga tagapagpatupad nitong sina Louis Bonaparte at Bismarck; pero ang Poland na mula noong 1792 ay mas malaki ang nagawa para sa Rebolusyon kaysa lahat ng tatlong itong pinagsama-sama, ay napag-iwanan sa sarili nang sumuko ito noong 1863 sa sampung ulit na mas malaking pwersang Ruso. Hindi mapanatili ni mabawi ng nobilidad ang kasarinlan ng Poland; ngayon, para sa burgesya, sa kainaman, hindi mahalaga ang kasarinlang ito. Gayunpaman, kinakailangan ito para sa mahusay na kolaborasyon ng mga bansang Europeo. Makakamit lamang ito ng batang proletaryadong Polish, at ligtas ito sa kanyang mga kamay. Ito'y dahil kasing-kailangan ng mga manggagawa ng lahat ng iba pang bahagi ng Europa ang kasarinlan ng Poland gaya ng mga manggagawang Polish mismo.

F. ENGELS

London,
Pebrero 10, 1892

PAUNANG SALITA SA EDISYONG ITALYANO NG 1893³⁰

Para sa Mambabasang Italyano

Masasabing natapat ang paglalathala ng *Manifesto ng Partido Komunista* sa Marso 18, 1848, ang araw ng mga rebolusyon sa Milan at Berlin, na mga armadong pag-aalsa ng dalawang bansa na nasa sentro, ang isa, ng kontinente ng Europa, at ang isa ng Mediterranean; ang dalawang bansang ito ay pinahina hanggang noon ng dibisyon at panloob na kaguluhan at sa gayo'y bumagsak sa dominasyon ng dayuhan. Habang napailalim ang Italy sa Emperador ng Austria, napailalim naman ang Germany sa Tsar ng lahat ng Rusya, na bagamat mas di tuwiran ay kasing epektibo rin. Bunga ng Marso 18, 1848, lumaya ang Italy at Germany sa kahihiyang ito; kung muling nabuo at anu't anuma'y tumayo sa sarili ang dalawang dakilang bansang ito mula 1848 hanggang 1871, ito'y dahil ang mga taong sumupil sa Rebolusyon ng 1848, gaya ng sinasabi ni Marx, sa kabila ng kanilang sarili, magkagayunman, ay ang testamentaryong mga tagapagtaguyod nito.³¹

Sa lahat ng lugar ang rebolusyong iyon ay gawain ng uring manggagawa; ang uring manggagawa ang bumuo ng mga barikada at nagbuwis ng buhay. Tanging ang mga manggagawa ng Paris, sa pagbabagsak sa gubyerno, ang may tiyak na tiyak na intensyong ibagsak ang rehimeng burges. Pero kahit na mulat sila sa nakamamatay na

antagonismo na umiiral sa pagitan ng sarili nilang uri at burgesya, magkagayunman, hindi pa umabot ang pag-unlad sa ekonomya ng bayan ni ang intelektwal na pag-unlad ng masa ng manggagawang Pranses sa yugto na posible na ang rekonstruksyon ng lipunan. Samakatwid, sa huling pagsusuri, ang uring kapitalista ang umani sa mga bunga ng rebolusyon. Sa ibang bayan, sa Italy, sa Germany, sa Austria, sa mula't sapul, walang ginawa ang mga manggagawa kundi iangat ang burgesya sa kapangyarihan. Pero sa alinmang ibang bayan, imposible ang paghahari ng burgesya kung walang pambansang kasarinlan. Samakatwid, kinailangang isama ng Rebolusyong 1848 ang pagkakaisa at awtonomya ng mga bansa na wala pa nito hanggang noon: susunod din pagkatapos ang Italy, Germany, Hungary at Poland.

Sa gayon, kung hindi sosyalistang rebolusyon ang Rebolusyon ng 1848, hinawan nito ang landas, inihanda nito ang kalupaan para sa sosyalistang rebolusyon. Sa pamamagitan ng tulak na ibinigay sa malawakang-saklaw na industriya sa lahat ng bayan, lumikha ang rehimeng burges sa lahat ng dako ng napakarami, konsentrado at makapangyarihang proletaryado sa nakaraang apatnapu't limang taon. Sa gayon, pinalaki nito, sa salita ng *Manifesto*, ang sarili nitong tagahukay ng libingan. Kung hindi ipapanumbalik ang awtonomya at pagkakaisa sa bawat bansa, imposibleng makamit ang internasyunal na kaisahan ng proletaryado, o ang mapayapa at matalinong kooperasyon ng mga bansang

ito para sa mga layuning komun. Isipin na lamang kung may nagkakaisang internasyunal na aksyon ang mga manggagawang Italyano, Hungarian, German, Polish at Ruso sa mga kalagayan sa pulitika bago noong 1848!

Kung gayon, hindi nawalang saysay ang mga labanang sinuong noong 1848. Hindi rin lumipas nang walang saysay ang apatnapu't apat na taong naghi-hiwalay sa atin sa rebolusyonaryong kapanahunang iyon. Nahihinog ang mga bunga, at ang tangi kong hinahangad ay maging mabuting palatandaan rin ang paglalathala ng salin sa Italyano na ito para sa tagumpay ng proletaryadong Italyano gaya ng paglalathala ng orihinal para sa internasyunal na rebolusyon.

Angkop na angkop ang paglalarawan ng Manifesto sa rebolusyonaryong bahagi na ginampanan ng kapitalismo sa nakaraan. Ang unang kapitalistang bayan ay ang Italy. Kinatampukan ang pagwawakas ng pyudal na Kapanahunang Midyebal at ang pagbubukas ng modernong kapanahunang kapitalista ng isang napakalaking personahe: isang Italyano, si Dante, kapwa huling makata ng Kapanahunang Midyebal at unang makata ng modernong panahon. Ngayon, gaya noong 1300, napipinto ang isang bagong panahon ng kasaysayan. Bibigyan ba tayo ng Italy ng bagong Dante, na magmamarka sa oras ng kapanganakan ng bagong proletaryong kapanahunan?

FREDERICK ENGELS

London,

Pebrero 1, 1893

Isang pangitain ang nagmumulto sa Europa - ang pangitain ng komunismo. Nagsama-sama ang lahat ng kapangyarihan ng lumang Europa sa isang sagradong alyansa para palayasin ang masamang ispiritung ito: ang Papa at ang Tsar, sina Metternich at Guizot, ang mga Radikal na Pranses at mga espiyang-pulis na Aleman.

Saan ba mayroong partidong oposisyon na hindi binansagang komunistiko ng mga karibal nitong nasa kapangyarihan? Saan ba mayroong oposisyon na hindi pabalik na nagpukol ng tumatatak na paninirang komunismo laban sa mas abanteng mga partidong oposisyon, gayundin laban sa reaksyunaryong mga karibal nito?

Dalawang bagay ang ibinubunga nito:

- I. Kinikilala na ng lahat ng kapangyarihang Europeo na isa na mismong kapangyarihan ang Komunismo.
- II. Panahon na para hayagang ilathala ng mga Komunista, sa harap ng buong daigdig, ang kanilang mga pananaw, ang kanilang mga layunin, ang kanilang mga tendensya, at harapin ang kwentong-kutserong ito ng pangitain ng Komunismo sa pamamagitan ng Manipesto ng partido mismo.

Sa dahilang ito, nagtipon-tipon sa London ang mga Komunista mula sa iba't ibang bayan, at binalangkas ang

manipestong ito, na ilalathala sa wikang Ingles, Pranses, Aleman, Italyano, Flemish at Danish.

I

Ang mga Burges at ang mga Proletaryo³²

Ang kasaysayan ng lahat ng umiral na lipunan hanggang sa ngayon³³ ay kasaysayan ng mga tunggalian sa uri.

Ang malayang tao at ang alipin, ang *patrician* at *plebeian*, ang panginoon at ang timawa, ang maestro-gremyo³⁴ at *journeyman*, sa maikling salita, ang mang-aapi at inaapi, ay laging kasalungat ng isa't isa, at walang tigil na naglalabanan, minsa'y tago, minsa'y hayag, isang labanan na sa bawat pagkakatao'y nagwawakas, kung hindi man sa rebolusyonaryong rekonstitusyon ng lipunan sa kalahatan, ay sa komun na pagkawasak ng nagtutunggaling mga uri.

Sa naunang mga kapanahunan ng kasaysayan, matatagpuan natin sa halos lahat ang isang kumplikadong kaayusan ng lipunan sa iba't ibang grupo, isang maramihang gradasyon ng katayuan sa lipunan. Sa sinaunang Roma, naririyang ang mga *patrician*, kabalyero, *plebeian*, at mga alipin; sa Kapanahunang Midyebal, mga panginoong pyudal, mga datu, mga maestro-gremyo, *journeymen*, aprentis, timawa; at sa halos lahat ng uring ito, muli, naririyang ang nakapailalim na mga gradasyon.

Hindi pinawi ng modernong lipunang burges na sumibol mula sa guho ng lipunang pyudal ang mga antagonismong makauri. Nagtatag lamang ito ng bagong mga uri, bagong mga kalagayan ng pang-aapi, bagong mga anyo ng tunggaliang kahalili ng mga dati.

Gayunman, taglay ng ating kapanahunan, ang kapanahunan ng burgesya, ang naiibang salik na ito: pinasimple nito ang mga antagonismong makauri. Ang lipunan sa kabuuan ay nahahati nang nahahati sa dalawang malaking magkatunggaling kampo, sa dalawang malaking uri na tuwirang nahaharap sa isa't isa - ang burgesya at ang proletaryado.

Mula sa mga timawa ng Kapanahunang Midyebal, sumibol ang nagsasariling mga *burghers* ng pinakaunang mga kabayanan. Mula sa mga *burgess* na ito, lumitaw ang unang mga elemento ng burgesya.

Nagbukas ng bagong kalupaan ang pagkakatuklas sa Amerika at pag-ikot sa *Cape* para sa sumisibol na burgesya. Ang mga pamilihing Silangang-Indian at Tsino, ang kolonisasyon ng Amerika, ang pakikipag-kalakalan sa mga kolonya, at ang paglago ng *means of exchange* (pamamaraan sa palitan), at ng mga kalakal sa pangkalahatan, ang lahat ng ito'y nakapagbigay ng walang kapantay na tulak sa komersyo, sa nabigasyon, sa industriya, at dahil dito, sa mabilis na pag-unlad ng rebolusyonaryong elemento sa papabagsak na lipunang pyudal.

Hindi na ngayon nakakasapat ang pyudal na sistema ng industriya, kung saan monopolisado ang produksyong industriyal ng saradong mga gremyo, para sa lumalaking hinihingi ng bagong mga pamilihan. Hinalinhan ito ng sistemang manupaktura. Isinantabi ng panggitnang uring nagmamanupaktura ang mga maestro-gremyo; naglaho ang dibisyon sa paggawa sa pagitan ng iba't ibang korporadong gremyo sa harap ng dibisyon sa paggawa sa bawat solong pagawaan.

Samantala, patuloy na lumalaki ang mga pamilihan, at patuloy na lumalakas ang demand. Kahit na ang mga tagapagmanupaktura ay hindi na nakasapat. Sa kalagayang iyon, nirebolusyonisa ng *steam* at makinarya ang produksyong industriyal. Hinalinhan ng dambuhalang *modernong industriya* ang manupaktura; hinalinhan ang panggitnang uri sa industriya ng mga milyunaryo sa industriya, ng mga pinuno ng buu-buong mga hukbong industriyal, ng modernong burges.

Itinatag ng modernong industriya ang pandaigdigang pamilihan, na ang pagkakatuklas sa Amerika ang naghawan ng daan. Nagbigay ang pamilihing ito ng pagkalaki-laking pagpapaunlad sa komersyo, sa nabigasyon, sa komunikasyong pangkatihan. Nakaapekto naman ang pag-unlad na ito sa ekstensyon ng industriya; at sa tantos na lumawak ang industriya, komersyo, nabigasyon, at perokaril, sa ganoong tantos rin umunlad ang burgesya, nagpalaki ng kanyang kapital, at isinantabi ang bawat uri na minana mula sa Kapanahunang Midyebal.

Kung gayon, makikita natin kung paano ang modernong burgesya ay produkto mismo ng mahabang proseso ng pag-unlad, ng isang serye ng mga rebolusyon sa moda ng produksyon at palitan.

Bawat hakbang sa pag-unlad ng burgesya ay may kaakibat na katapat na pagsulong sa pulitika sa uring iyon*. Isang aping uri sa ilalim ng paghahari ng pyudal na nobilidad, isang armado at naggugubyerno sa sariling asosasyon ng komunang midyebal³⁵: dito, isang nagsasariling republikang urban (gaya ng sa Italy at Germany)** doon, isang binubuwisang “ikatlong *estate*” ng monarkiya (gaya ng sa France)***; at pagkatapos, sa yugto ng ganap na pagmamanupaktura, naglilingkod sa malapyudal o kaya’y absolutong monarkiya bilang pantapat laban sa nobilidad, at sa katunayan, panulukang-bato ng dakilang mga monarkiya sa pangkalahatan—sa wakas, mula nang maitatag ang Modernong Industriya at ang pandaigdigang pamilihan, naagaw ng burgesya para sa sarili ang solong paghahari sa pulitika sa modernong estadong representatibo. Ang ehekutibo ng modernong estado ay isang komite lamang para sa pamamahala ng mga usaping komun ng buong burgesya.

* Sa orihinal na German (edisyong 1848), ang mga salitang “pagsulong sa pulitika ng uring iyon” ay “pagsulong sa pulitika.”

**Ang mga salitang “(gaya ng sa Italy at Germany)” ay wala sa orihinal na German.

***Ang mga salitang “(gaya ng sa France)” ay wala sa orihinal na German.

Sa kasaysayan, gumanap ang burgesya ng napakarebolusyonaryong papel.

Saanman nakapangibabaw ang burgesya, winakasan nito ang lahat ng relasyong pyudal, patriyarkal at kagiliw-giliw. Walang awa nitong nilagot ang samu't saring ugnayang pyudal na naggapos ng tao sa kanyang "natural na mga panginoon", at walang iniwang ugnayan ng tao sa tao liban sa tahasang makasariling interes, liban sa manhid na "bayad salapi". Nilunod nito ang pinakamaluluwalhating kaligayahan ng relihiyosong kataimtiman, ng kasigasigang kabalyerohan, ng sentimentalismong pilistino, sa nagyeyelong tubig ng egotistikong kalkulasyon. Itinumbas nito ang personal na halaga sa halaga sa palitan, at itinatag ang solo at pangahas na kalayaan—Malayang Kalakalan—kahalili ng di mabilang na di mapapawalang-bisang mga kalayaan. Sa maikling salita, ihinalili nito sa pagsasamantalang tinatabingan ng mga ilusyong relihiyoso at pampulitika ang lantaran, walang kahihiyan, tuwiran at makahayop na pagsasamantala.

Pinawi ng burgesya ang pagkabanal ng lahat ng okupasyon na hanggang noo'y iginagalang at tinitingala nang may pagpipitagan. Ginawa niyang bayarang mga manggagawa ang manggagamot, ang abogado, ang pari, ang makata, ang syentipiko.

Inalis ng burgesya sa pamilya ang tabing nitong sentimental, at ginawang simpleng relasyon sa pananalapi ang relasyong pampamilya.

Ibinunyag ng burgesya kung paano nangyari na ang malupit na pagpapakita ng lakas sa Kapanahunang Midyebal na labis na hinahangaan ng mga reaksyunaryo ay may angkop na kaakibat sa labis na katamaran. Ito ang unang nagpakita kung ano ang maidudulot ng aktibidad ng tao. Nakagawa ito ng mga kahahanga-hangang bagay na lampas-lampas sa mga piramide ng Ehipto, mga daluyan ng tubig na Romano, at mga katedral na Gothic; sumuong ito sa mga ekspedisyong luluma sa lahat ng dating Eksodo ng mga bansa at krusada.

Hindi makakairal ang burgesya nang hindi palagiang nirerebolusyonisa ang mga instrumento sa produksyon, at sa pamamagitan nito, ang mga relasyon sa produksyon, at kasabay nito, ang buong relasyon ng lipunan. Kabaligtaran nito, ang pagpapanatili ng lumang mga moda sa produksyon sa di nagbagong anyo ang unang kundisyon sa pag-iral para sa lahat ng naunang mga uring industriyal. Palagiang pagrerebolusyonisa sa produksyon, walang tigil na panggugulo sa lahat ng kalagayang panlipunan, walang humpay na kawalang katiyakan at ahitasyon— ito ang nag-iiba ng kapanahunang burges sa lahat ng naunang kapanahunan.* Winawalis ang lahat ng pirmi at tumigas na relasyon, kasama ang lahat ng sinauna at banal na prehuwisyo at opinyon, at lahat ng bagong nabuo ay naluluma bago ito manigas. Lahat ng solido** ay nagiging

*Sa edisyong German ng 1890, ang salitang “nauna” ay “iba”.

** Sa orihinal na German, ang salitang “solido” ay “pribilehiyado at establisado.”

hangin, lahat ng sagrado ay nilalapastangan, at sa wakas, napipilitan ang tao na harapin nang malinaw ang isip ang kanyang tunay na kalagayan sa buhay at ang kanyang relasyon sa kanyang kapwa.

Ang burgesya ay hinahabol ng pangangailangan para sa laging lumalawak na pamilihan para sa kanyang mga produkto sa buong kalupaan ng daigdig. Dapat kumanlong ito sa lahat ng dako, manirahan sa lahat ng dako at magtatag ng kuneksyon sa lahat ng dako.

Sa pamamagitan ng pagsasamantala nito sa pandaigdigang pamilihan, binigyan ng burgesya ng katangiang kosmopolitano ang produksyon at pagkonsumo sa lahat ng bayan. Sa malaking kasawian ng mga reaksyunaryo, hinugot nito mula sa mga paa ng industriya ang pambansang kalupaang kinatatayuan nito. Lahat ng dating nakatatag na pambansang industriya ay winasak na o winawasak sa araw-araw. Pinapaalis sila ng bagong mga industriya, na ang pagpasok ay nagiging usapin ng buhay at kamatayan para sa lahat ng sibilisadong bayan; ng mga industriyang hindi na gumagamit ng katutubong hilaw na materyales, kundi hilaw na materyales na kinukuha mula sa pinakamalalayong lugar; ng mga industriyang may mga produktong kinokonsumo hindi na lamang sa sariling bayan, kundi sa lahat ng sulok ng daigdig. Kapalit ng dating mga pangangailangan na tinutugunan ng produksyon ng bayan, makikita natin ang bagong mga pangangailangan na humihingi ng mga produkto ng malalayong kalupaan at klima para sa kanilang

katugunan. Kapital ng lumang lokal at pambansang seklusyon at kasapatan-sa-sarili, mayroon tayong palitan sa lahat ng direksyon, at unibersal na interdependensya ng mga bansa. At tulad ng materyal na produksyon, ganoon din sa intelektwal na produksyon. Ang mga likhang intelektwal ng indibidwal na mga bansa ay nagiging pag-aari ng lahat. Lalong nagiging imposible ang pambansang pagkamakaisang-panig at kakitiran sa isip, at mula sa maraming literaturang pambansa at lokal, lumilitaw ang pandaigdigang literatura.

Hinahatak ng burgesya ang lahat ng bansa, kahit na ang pinakabarako, sa sibilisasyon, sa pamamagitan ng mabilis na pagpapaunlad sa lahat ng instrumento sa produksyon, sa pamamagitan ng labis na pinabilis na pamamaraan ng komunikasyon. Ang murang presyo ng mga kalakal ang mabibigat na artileriya na ipinampupwersa nito para pasukuin ang labis na maigting na pagkamuhi ng mga barako sa mga dayuhan. Pinupwersa nito ang lahat ng bansa na gamitin ang burges na moda sa produksyon, dahil kung hindi ay papanaw; pinupwersa nitong ipasok ang tinatawag nitong sibilisasyon sa kanilang hanay, ibig sabihin, na sila mismo ay maging burges. Sa maikling salita, nililikha nito ang isang mundo sa kanyang wangis.

Ipinailalim ng burgesya ang kanayunan sa paghahari ng kabayanan. Lumikha ito ng pagkalalaking lunsod, pinalaki nang husto ang populasyon ng kalunsuran kung ihahambing sa kanayunan, at sa gayo'y iniligtas ang malaking bahagi ng populasyon mula sa kahangalan ng

buhay sa kanayunan. Tulad ng pagpapaasa nito ng kanayunan sa kabayanan, pinapaasa rin nito ang mga bayang barbaro at malabarbaro sa mga bayang sibilisado, ang mga bansa ng mga magsasaka sa mga bansa ng burges, ang Silangan sa Kanluran.

Lalo pang pinapawi ng burgesya ang kalat-kalat na katayuan ng populasyon, ng mga kagamitan sa produksyon, at ng propyedad. Tinipon-tipon nito ang populasyon, sinentralisa ang mga kagamitan sa produksyon, at kinonsentra ang propyedad sa iilang kamay. Ang di maiiwasang bunga nito ay ang sentralisasyon sa pulitika. Ang nagsasarili, o kaya'y buhaghag na magkakaugnay na mga probinsya, na may hiwa-hiwalay na interes, mga batas, gubyrno at sistema ng pagbubuwis, ay pinagsama-sama bilang isang bansa, na may isang gubyrno, isang kodigo ng mga batas, isang makauring pambansang interes, isang teritoryo, at isang taripa sa adwana.

Sa paghahari nitong may sandaan taon pa lamang, nilikha ng burgesya ang higit na mabibigat at higit na malalaking pwera sa produksyon kaysa lahat ng pinagsama-samang naunang henerasyon. Ang pagpapailalim ng mga pwera ng kalikasan sa tao, makinarya, aplikasyon ng kemistri sa industriya at agrikultura, nabigasyong *steam*, perokaril, telegrapong de kuryente, paglilinang ng buu-buong kontinente para sa pagsasaka, pagkakanal ng mga ilog, paglitaw mula sa wala ng buu-buong komunidad – anong siglo sa nakaraan ang nagkahinuha man lamang na nahihimbing

ang gayong mga pwersa sa produksyon sa kandungan ng paggawang panlipunan?

Nakikita natin kung gayon: nilikha sa pyudal na lipunan ang mga kagamitan sa produksyon at palitan, na siyang pundasyon kung saan pinaunlad ng burgesya ang sarili. Sa isang yugto sa pag-unlad ng mga kagamitan sa produksyon at palitang ito, hindi na kaugma ang mga kondisyon kung saan lumilikha at nagpapalitan ang lipunang pyudal, sa maikling salita, hindi na kaugma ang organisasyong pyudal ng agrikultura at industriya sa pagmamanupaktura, sa umunlad nang mga pwersa sa produksyon*; naging napakaraming tanikala ang mga ito. Kailangang lansagin ang mga ito; at ang mga ito'y nalansag.

Kapalit ng mga ito, pumasok ang malayang kumpetisyon, kaakibat ng isang konstitusyon ng lipunan at pulitika na angkop dito, at ng pangigingibabaw sa ekonomya at pulitika ng uring burges.

Nagaganap ang katulad na kilusan sa ating harapan mismo. Ang modernong lipunang burges, kasama ng kanyang mga relasyon sa produksyon, sa palitan at sa pag-aari, isang lipunang nagpalitaw ng pagkalalaking kagamitan sa produksyon at palitan, ay tulad ng mangkukulam na hindi na kayang kontrolin ang mga kapangyarihan ng daigdig ng engkanto na kanyang

*Sa orihinal na German, nagtatapos dito ang pangungusap. Sumusunod pagkatapos: "Hinadlangan nito ang produksyon sa halip na itaguyod ito. Naging napakaraming mga sagka..."

binuhay sa pamamagitan ng kanyang mga orasyon. Sa maraming dekada sa nakaraan, ang kasaysayan ng industriya at komersyo ay kasaysayan lamang ng paghimsik ng modernong mga pwersa sa produksyon laban sa modernong mga kalagayan sa produksyon, laban sa mga relasyon sa pag-aari na siyang kondisyon para sa pag-iral ng burges at ng paghahari nito. Sapat nang banggitin ang mga krisis sa komersyo na, dahil sa pana-panahong pagbabalik ng mga ito, ay naghuhusga sa pag-iral ng buong lipunang burges, at mas mapanganib sa bawat ulit. Sa mga krisis na ito, pana-panahong nawawasak ang malaking bahagi hindi lamang ng umiiral na mga produkto, kundi maging ang dati nang nalikhang mga pwersa sa produksyon. Sa mga krisis na ito, sumisiklab ang epidemya na magmimistulang kabalighuan sa lahat ng naunang kapanahunan—ang epidemya ng labis na produksyon. Bigla na lamang matatagpuan ng lipunan ang sarili na ibinalik sa katayuan ng panandaliang barbarismo; parang kinitil ng isang taggutom, ng isang unibersal na digmang mapanalanta, ang suplay ng lahat ng pangangailangan para mabuhay; nagmimistulang nawasak ang industriya at komersyo. At bakit? Dahil may labis na sibilisasyon, labis na panustos sa buhay, labis na industriya, labis na komersyo. Ang mga pwersa sa produksyon na nasa kamay ng lipunan ay wala nang tendensyang itaguyod ang pag-unlad ng mga kalagayan ng burges na propyedad*; kabaligtaran nito, naging napakamakapangyarihan nila para sa mga kalagayang gumagapos sa mga ito, at pagkatapos na pagkatapos na

mapangibabawan nila ang mga gapos na ito, dinadala naman nila ang kaguluhan sa buong lipunang burges at inilalagay sa panganib ang pag-iral ng burges na propyedad. Napakakitid ng mga kalagayan ng burges na lipunan para paglagyan ng yamang likha ng mga ito. At paano naman pinapangibabawan ng burgesya ang mga krisis na ito? Sa isang banda, sa pamamagitan ng pwersadong pagwawasak sa masa ng mga pwersa sa produksyon; sa kabilang banda, sa pamamagitan ng pananakop ng bagong mga pamilihan, at sa pamamagitan ng mas puspulang pagsasamantala ng mga dati. Ibig sabihin, sa pamamagitan ng paghahawan ng landas para sa mas malawak at mas mapanirang mga krisis, at sa pamamagitan ng pagpapakitid sa mga pamamaraan kung paano iiwasan ang mga krisis na ito.

Ang mga sandatang ginamit ng burgesya para ibagsak ang pyudalismo ay nakaumang laban sa burgesya mismo.

Pero hindi lamang pinanday ng burgesya ang mga sandata na nagdadala ng kamatayan sa kanyang sarili; pinalitaw rin nito ang mga taong hahawak ng mga sandatang iyon – ang modernong uring manggagawa – ang mga proletaryo.

Sa antas na umunlad ang burgesya, ibig sabihin, ang kapital, sa ganoong antas rin umuunlad ang proletaryado, ang modernong uring manggagawa – isang uri ng mga manggagawa na nabubuhay lamang hanggat makakahanap sila ng trabaho, at nakakahanap lamang ng trabaho hanggat ang kanilang paggawa ay

nakapagpapalaki sa kapital. Ang mga manggagawang ito, na pwersadong ibenta ang sarili nang tingian, ay isang kalakal, tulad ng lahat ng ibang artikulong ipinagbibili, at sa gayon ay tambad sa lahat ng malaking pagbabagu-bago ng kumpetisyon, sa lahat ng pagbaba at pagtaas ng pamilihan.

Dahil sa malaganap na paggamit ng makinarya, at sa hatian sa paggawa, nawala na ang lahat ng indibidwal na katangian ng trabaho ng mga manggagawa, at bunga nito, lahat ng halina para sa manggagawa. Nagiging karugtong siya ng makina, at ang hinihingi sa kanya ay ang pinakasimple, pinakanakababagot, at pinakamadaling matutunang gawain lamang. Kung gayon, pigil ang halaga ng produksyon ng isang manggagawa halos sa kabuuan sa panustos sa buhay na kinakailangan niya para makapagtrabaho muli, at para sa propagasyon ng kanyang lahi. Pero ang presyo ng isang kalakal, at samakatwid, pati na ng paggawa,³⁶ ay katumbas ng halaga nito sa produksyon. Samakatwid, habang lalong nakababagot ang trabaho, lumiliit ang sahod. Dagdag pa, habang nadaragdagan ang paggamit ng makinarya at hatian sa paggawa, tumitindi rin ang bigat ng paggawa, maging sa pagpapahaba man ng bilang ng oras paggawa, sa pagpapatindi sa paggawang napipiga sa isang takdang panahon, o sa mas mabilis na paggana ng makinarya, atbp.

Ang maliit na pagawaan ng patriyarkal na maestro ay ginawa ng Modernong Industriya na malaking pabrika ng kapitalistang industriyal. Inorganisa na parang mga sundalo ang masa ng mga manggagawang pinagsisiksik

sa pabrika. Bilang karaniwang mga kawal ng hukbong industriyal, ipinailalim sila sa kumand ng isang ganap na hirarkiya ng mga upisyal at sarhento. Hindi lamang sila mga alipin ng uring burges at ng estadong burges; araw-araw at oras-oras, sila'y inaalipin ng makina, ng superbisor, at higit sa lahat, ng indibidwal na burges na tagapagmanupaktura mismo. Habang mas hayag na ipinoproklama ng despotismong ito na tubo ang kanyang pinakalayon, ito'y mas nagiging hamak, kamuhi-muhi at nakasasakit ng loob.

Habang mas mababa ang antas ng kasanayan at lakas na kinakailangan sa manwal na paggawa, sa ibang salita, habang mas umuunlad ang modernong industriya, lalong nahahalinhan ang paggawa ng kalalakihan ng paggawa ng kababaihan*. Wala nang anumang natatanging kabuluhang panlipunan ang pagkakaiba sa edad at kasarian para sa uring manggagawa. Ang lahat ay mga instrumento ng paggawa, na mas mura o mas mahal gamitin, ayon sa edad at kasarian ng mga ito.

Sa sandaling matanggap ng mga manggagawa ang kanyang sahod sa salapi, at pansamantalang natatapos ang pagsasamantala ng tagapagmanupaktura, sinasagpang na siya ng ibang bahagi ng burgesya, ang maylupa, ang may tindahan, ang may sanglaan, atbp.

*Sa unang edisyong "German ng Pebrero 1848, ang mga salitang "nahahalinhan ng sa kababaihan" ay "nahahalinhan ng sa kababaihan at bata."

Ang nakabababang saray ng panggitnang uri – ang maliliit na magtitingi, may tindahan, at retiradong mga artisano sa kalahatan, ang mga tagayaring kamay at magsasaka – lahat ng ito’y lumulubog sa katayuang proletaryado, sa bahagi dahil ang kanilang maliit na kapital ay hindi sapat para sa laki ng antas ng paggana ng Modernong Industriya, at napapalis sa kumpetisyon sa malalaking kapitalista, at sa bahagi dahil nawawalan ng halaga ang espesyalisadong kasanayan ng bagong mga pamamaraan sa produksyon. Sa gayon, nirerekluta ang proletaryado mula sa lahat ng uri ng populasyon.

Nagdaraan ang proletaryado sa iba’t ibang yugto ng pag-unlad. Sa pagsilang nito ay nagsisimula ang tunggalian nito sa burgesya. Sa simula, ang pakikibaka ay isinasa-gawa ng indibidwal na mga manggagawa, pagkatapos, ng mga manggagawa ng isang pabrika, pagkatapos, ng mga operatiba ng isang sangay ng industriya sa isang lokalidad laban sa indibidwal na burges na tuwirang nagsasamantala sa kanila. Itinutuon nila ang kanilang atake hindi laban sa burges na kalagayan sa produksyon, kundi laban sa mga instrumento ng produksyon mismo*; winawasak nila ang inangat na mga kasangkapan na nakikipagkumpitensya sa kanilang paggawa, winawasak nila ang makinarya, sinusunog nila ang mga pabrika, tinatangka nilang pwersahang ipanumbalik ang naglahong katayuan ng manggagawa ng Kapanahunang Midyebal.

* Sa orihinal na German, ang pangungusap na ito ay: “Itinutuon nila ang kanilang atake hindi lamang laban sa burges na kalagayan ng produksyon kundi....”

Sa yugtong ito, ang mga manggagawa ay bumubuo pa ng hiwa-hiwalay na masang kalat-kalat sa buong bayan, at hati-hati ng kanilang mutwal na kumpe-tisyon. Kung may lugar mang nagkakaisa sila para magbuo ng mas masinsing organisasyon, hindi pa ito resulta ng sarili nilang aktibong pagkakaisa, kundi ng pagkakaisa ng burgesya, na isang uri na pwersadong pakilusin ang buong proletaryado para matamo ang sariling mga layunin sa pulitika, at dagdag pa, may kakayahang gawin iyon sa isang panahon. Samakatwid, sa yugtong ito, hindi nilalabanan ng mga proletaryo ang kanilang mga kaaway, kundi ang mga kaaway ng kanilang mga kaaway, ang mga labi ng absolutong monarkiya, ang mga maylupa, ang di industriyal na burges, ang petiburges. Sa gayon, ang buong istorikong kilusan ay nakakonsentra sa mga kamay ng burgesya; bawat tagumpay na natatamo sa gayon ay isang tagumpay para sa burgesya.

Pero sa pag-unlad ng industriya, hindi lamang lumalaki ang bilang ng proletaryado; nakokonsentra ito sa mas malalaking bilang, lumalakas ito, at higit nitong nadarama ang lakas na iyon. Ang iba't ibang interes at kondisyon ng buhay sa hanay ng proletaryado ay higit na napapantay-pantay sa antas na pinapawi ng makinarya ang lahat ng pag-iiba ng paggawa, at sa halos lahat ng lugar, pinaliliit ang sahod sa iisang mababang antas. Dahil sa papalaking kumpetisyon sa hanay ng burges, at ang ibinubunga nitong mga krisis sa komersyo, lalong nagiging pabagu-bago ang sahod ng mga manggagawa. Lalong nawawalan ng katiyakan ang kanilang kabuhayan dahil

sa higit na pag-unlad ng makinarya na tuluy-tuloy na bumibilis ang pag-unlad; ang mga salpukan sa pagitan ng indibidwal na mga manggagawa at indibidwal na burges ay higit na nagkakaroon ng katangian ng salpukan sa pagitan ng dalawang uri. Dahil sa gayon, nagsisimulang magbuo ng mga kumbinasyon (mga unyon)* ang mga manggagawa laban sa burges; nagsasama-sama sila para panatilihin ang antas ng sahod; nagtatatag sila ng permanenteng mga samahan upang antemano'y paghandaan ang pana-panahong paghihimagsik na ito. Doon at dito, humahantong ang labanan sa mga *riot*.

Paminsan-minsan, matagumpay ang mga manggagawa, pero panandalian lamang. Ang tunay na bunga ng kanilang pakikipagsagupa ay wala sa kagyat na resulta, kundi sa laging lumalaking unyon ng mga manggagawa. Natutulungan ang unyong ito ng maunlad na pamamaraan ng komunikasyon na nililikha ng Modernong Industriya, at nakapag-uugnay ng mga manggagawa ng iba't ibang lokalidad sa isa't isa. Ito mismong ugnayang ito ang kinakailangan para sentralisahan ang maraming lokal na pakikibaka, na iisa ang katangian ng lahat, bilang pambansang tunggalian sa pagitan ng mga uri. Pero bawat tunggalian sa uri ay isang pampulitikang tunggalian. At ang pagkakaisang iyon, na nangailangan ng ilang siglo ang mga burgher ng Kapanahunang Midyebal para matamo, dala ng kanilang miserableng mga haywey, ay makakamit

* Ang mga salitang "(mga unyon)"* ay wala sa orihinal na German.

ng modernong manggagawa sa loob ng ilang taon, salamat sa perokaril.

Ang organisasyong ito ng mga manggagawa bilang isang uri, at bunga nito, bilang isang pampulitikang partido, ay patuloy na nagugulong muli ng kumpetisyon sa hanay ng mga manggagawa mismo. Pero lagi itong nagbabangong muli, na mas malakas, mas matatag, at mas makapangyarihan. Ipinupwersa nito ang lehislatibong pagkilala sa partikular na mga interes ng mga manggagawa sa pamamagitan ng pagsasamantala sa mga dibisyon sa hanay ng burgesya mismo. Sa gayon, napagtibay ang panukalang batas sa sampung oras na paggawa sa England.

Sa pangkalahatan, naisusulong sa maraming paraan ng mga salpukan sa pagitan ng mga uri ng lumang lipunan ang proseso ng pag-unlad ng proletaryado. Nahahatak ang burgesya sa isang palagiang pakikitunggali. Noong una, laban sa aristokrasya; pagkatapos, laban sa mga bahagi ng burgesya mismo na ang interes ay naging antagonistiko sa pagsulong ng industriya; at sa lahat ng panahon laban sa burgesya ng ibang mga bayan. Sa lahat ng labanang ito, napipilitan siyang manawagan sa proletaryado, na humingi ng tulong, at sa gayon hatakin ito sa larangan ng pulitika. Samakatwid, ang burgesya mismo ang nagbibigay sa proletaryado ng sarili nitong mga elemento ng edukasyong pampulitika at pangkalahatan*, sa madaling salita, sinasangkapan nito

* Sa orihinal na German, ang mga salitang "mga elemento ng edukasyong pampulitika at pangkalahatan ay "mga elemento ng edukasyon."

ang proletaryado ng mga sandata para sa pakikibaka laban sa burgesya.

Dagdag pa, gaya ng nakita na natin, buu-buong seksyon ng naghaharing uri ay naitutulak sa proletaryado sa pamamagitan ng pagsulong ng industriya, o sa pinakamenos, namimiligro sa kanilang kalagayan sa pamumuhay. Nakapagbibigay rin ang mga ito sa mga manggagawa ng sariwang mga elemento ng pagkamulat at progreso**.

Panghuli, sa panahon na nalalapit ang tunggalian sa uri sa mapagpasyang sandali, nagkakaroon ng napakarahas at lantarang katangian ang pagsulong ng disolusyon na nagaganap sa loob ng naghaharing uri, sa katunayan sa buong saklaw ng lumang lipunan, kung kaya't ang isang maliit na seksyon ng naghaharing uri ay humihiwalay at sumasama sa rebolusyonaryong uri, ang uring tangan ang kinabukasan sa kanyang mga kamay. Samakatwid, gaya ng pagpanig ng isang seksyon ng nobilidad sa burgesya sa isang mas maagang yugto, ngayon nama'y isang bahagi ng burgesya ay pumapanig sa proletaryado, at sa partikular, isang bahagi ng mga ideolohistang burges na nakaangat sa antas na nauunawaan sa teorya ang istorikong kilusan sa kabuuan.

Sa lahat ng uri na nakakaharap ngayon ng burgesya, tanging ang proletaryado ang tunay na rebolusyon-

* Sa orihinal na German, ang mga salitang "sariwang mga elemento ng pagkamulat at progreso" ay "masa ng mga elementong pang-edukasyon".

ryong uri. Ang ibang mga uri ay naaagnas at sa kahulihuliha'y naglalaho sa harap ng Modernong Industriya; ang proletaryado naman ay ang kanyang espesyal at esensyal na produkto.

Ang nakabababang panggitnang uri, ang maliit na tagapagmanupaktura, ang may tindahan, ang artisano, ang magsasaka - lahat ng ito'y nakikibaka laban sa burgesya para iligtas mula sa paglalaho ang kanilang pag-iral bilang mga bahagi ng panggitnang uri. Kung gayon, hindi sila rebolusyonaryo kundi konserbatibo. Higit pa dito, sila'y reaksyunaryo, dahil hangad nilang pabalikin ang gulong ng kasaysayan. Kung nagkataon mang sila'y rebolusyonaryo, ganoon sila dahil lamang sa napipintong paglipat nila tungo sa proletaryado; samakatwid, ipinagtatangol nila hindi ang kanilang kasalukuyan, kundi ang kanilang hinaharap na interes; iniwan nila ang sariling paninindigan at inilalagay ang sarili sa paninindigan ng proletaryado.

Maaaring doo't dito'y mahatak sa kilusan ng proletaryong rebolusyon ang "mapanganib na uri", ang latak* ng lipunan, ang pasibong nabubulok na masa na nilaglag ng pinakamabababang saray ng lumang lipunan; gayunman, mas higit itong ihinahanda ng kanyang kalagayan sa pamumuhay para sa papel na bayarang kasangkapan ng reaksyunaryong intriga.

Ang panlipunang kalagayan ng lumang lipunan ay halos natabunan na para sa proletaryado. Walang propyedad

* Sa orihinal na German, "ang 'mapanganib na uri', ang latak ng lipunan" ay "ang lumpenproletaryado."

ang proletaryo; ang kanyang relasyon sa asawa't mga anak ay walang anumang pagkakatulad sa burges na relasyon sa pamilya; inalisan siya ng paggawang modernong industriya at ng modernong pagpapailalim sa kapital, ng lahat ng bahid ng pambansang katangian, ganoon sa England tulad sa France, sa Amerika tulad ng Germany. Para sa kanya, ang batas, moralidad, at relihiyon ay napakaraming burges na perhuwisyo na pinagkukublihan para sa ambus ng ganoon ding karaming burges na interes.

Ang lahat ng naunang uri na nangibabaw ay nagsikap na patatagin ang natamo na nilang katayuan sa pamamagitan ng pagpapailalim ng lipunan sa pangkalahatan sa kanilang mga kondisyon sa apropiyasyon. Hindi magiging mga amo ng produktibong mga pwera ng lipunan ang mga proletaryo liban kung papawiin ang kanilang sariling lumang moda ng apropiyasyon, at sa gayon, pati lahat ng ibang naunang moda ng apropiyasyon. Wala silang sariling pag-aaring kailangang tiyakin at patatagin; ang kanilang misyon ay wasakin ang lahat ng naunang garantiya at pagtitiyak sa indibidwal na pag-aari.

Lahat ng naunang istorikong kilusan ay kilusan ng mga minorya, o para sa interes ng mga minorya. Ang proletaryong kilusan ay ang mulat sa sarili* at independyenteng kilusan ng napakalawak na mayorya, sa interes ng napakalawak na mayorya. Ang

* Ang salitang "mulat sa sarili" ay wala sa orihinal na German.

proletaryado, ang pinakamababang saray ng ating kasalukuyang lipunan, ay hindi makakakilos, hindi makakabangon kung hindi ipupukol sa hangin ang buong nakadagan na saray ng upisyal na lipunan.

Kahit hindi sa sustansya, pero sa anyo, sa una'y ang pakikibaka ng proletaryado laban sa burgesya ay isang pambansang pakikibaka. Mangyari pa, una sa lahat, dapat ipagwagi ng proletaryado ng bawat bayan ang laban sa sarili nitong burgesya.

Sa paglalarawan sa pinakapangkalahatang mga yugto ng pag-unlad ng proletaryado, binaybay natin ang humigit-kumulang kubling digmaang sibil na nagaganap sa loob ng umiiral na lipunan, hanggang sa antas na sumisiklab ang digma sa hayag na rebolusyon, at kung saan inilalatag ng marahas na pagbabagsak sa burgesya ang pundasyon para sa paghahari ng proletaryado.

Hanggang sa panahong ito, gaya ng nakita na natin, nakabatay ang lahat ng anyo ng lipunan sa antagonismo ng mapang-api at inaaping mga uri. Pero para mang-api ng isang uri, dapat tiyakin ang ilang kondisyon para dito kung saan, sa pinakaminimo'y maipagpapatuloy naman nito ang pag-iral na parang alipin. Sa panahon ng pagkatimawa, inangat ng timawa ang sarili sa pagiging kasapi ng komuna, tulad ng nagawa ng petiburges na umunlad bilang burges sa ilalim ng paghahari ng pyudal na absolutismo. Kabaligtaran nito, sa halip na umunlad sa pag-unlad ng industriya, ang modernong manggagawa ay palalim nang palalim na lumulubog sa kalagayang mas

mababa sa pag-iral ng sarili niyang uri. Nagiging pulubi siya, at mas mabilis na umuunlad ang pamumulubi kaysa populasyon at kayamanan. At dito, lumilinaw na hindi na karapat-dapat na maging naghaharing uri ang burgesya sa lipunan, at ipataw ang mga kondisyon ng pag-iral nito sa lipunan bilang batas na nangingibabaw sa lahat. Hindi ito karapat-dapat maghari dahil wala itong kakayahang tiyakin ang pag-iral para sa kanyang alipin sa loob ng kanyang pagka-alipin, dahil wala siyang magagawa kundi hayaan ang manggagawang dumausdos sa kalagayang iyon, na kailangang pakainin niya ang manggagawa sa halip na siya ang palamunin nito. Hindi na makakapamuhay ang lipunan sa ilalim ng burgesyang ito; sa madaling salita, ang pag-iral nito ay hindi na tumutugma sa lipunan.

Ang esensyal na mga kondisyon para sa pag-iral at para sa paghahari ng uring burges ay ang pormasyon at pagpapalaki ng kapital*; ang kondisyon para sa kapital ay ang sahurang paggawa.

Eksklusibong nakasalalay ang sahurang paggawa sa kumpetisyon sa hanay ng mga manggagawa. Ihinahalili ng pagsulong ng industriya, na ang imboluntaryong promotor ay ang ang burgesya, sa pagkakahiwalay ng mga manggagawa dahil sa kumpetisyon ang rebolusyonaryong kombinasyon dahil sa asosasyon. Samakatwid, inaalis ng pag-unlad ng Modernong Industriya mismo ang

* Sa orihinal na German, ganito ang pangungusap na ito: “Ang esensyal na kondisyon para sa pag-iral, at para sa paghahari ng uring burges, ay ang akumulasyon ng kayamanan sa mga kamay ng pribadong indibidwal, ang pormasyon at awgmentasyon...”

pinakapundasyon kung saan nakasalalay ang paglikha at apropiyasyon ng burgesya sa mga produkto. Higit sa lahat, ang nililikha kung gayon ng burgesya ay ang mga tagahukay sa sarili nitong libingan. Kapwa tiyak ang kanyang pagbagsak at ang tagumpay ng proletaryado.

II

Ang mga Manggagawa at mga Komunista

Ano ang ugnayan ng mga Komunista sa mga manggagawa sa kabuuan?

Hindi nagbubuo ang mga Komunista ng hiwalay na partido na salungat sa ibang mga partido ng uring manggagawa.

Wala silang interes na hiwalay at bukod sa interes ng proletaryado sa kabuuan.

Hindi sila nagtatakda ng anumang sariling sektaryang* prinsipyo kung saan hinuhubog at hinuhulma ang proletaryong kilusan.

Ang mga Komunista ay naiiba mula sa ibang mga partido ng uring manggagawa sa sumusunod lamang: (1) Sa mga pambansang pakikibaka ng mga manggagawa ng iba't ibang bayan, inilalahad at ipinauuna nila ang mga interes

na komun ng buong proletaryado, na independyente sa lahat ng nasyunalidad. (2) Sa iba't ibang yugto ng pag-unlad na kailangang daanan ng pakikibaka ng uring manggagawa laban sa burgesya, sa lahat ng pagkakataon at sa lahat ng dako, kinakatawan nila ang interes ng kilusan sa kabuuan.

Samakatwid, ang mga Komunista sa isang banda, sa praktika, ay ang pinakaabante at pinakamatatag na seksyon ng mga partido ng uring manggagawa ng lahat ng bayan, ang seksyong nagsusulong sa lahat ng ibang seksyon; sa kabilang banda, sa teorya, may bentahe sila sa malawak na masa ng proletaryado dahil malinaw nilang nauunawaan ang mga linya ng pagsulong, ang mga kondisyon, at ang ultimong pangkalahatang resulta ng proletaryong kilusan.

Ang kagyat na layunin ng mga Komunista ay kapareho ng lahat ng ibang proletaryong partido: ang pagbubuo ng proletaryado bilang isang uri, ang pagbabagsak sa pangingibabaw ng burgesya, at ang pag-agaw ng proletaryado sa kapangyarihang pampulitika.

Ang mga teoretikal na kongklusyon ng mga Komunista ay hinding-hindi nakabatay sa mga ideya o prinsipyo na inimbento, o tinuklas, ng tagarepormang ito o iyon na gustong maging unibersal.

Sa karaniwang salita, inilalahad lamang nila ang aktwal na mga relasyon na lumilitaw mula sa umiiral na tunggalian sa

* Sa orihinal na German, ang salitang "sektaryan" ay "espesyal".

uri, mula sa isang istorikong kilusan na nagaganap sa ating harapan mismo. Ang abolisyon ng umiiral na relasyon sa pag-aari ay hinding-hindi isang natatanging katangian ng komunismo.

Lahat ng relasyon sa pag-aari sa nakaraan ay patuloy na napailalim sa istorikong pagbabago bunga ng pagbabago sa istorikong mga kalagayan.

Halimbawa, pinawi ng Rebolusyong Pranses ang pyudal na propyedad pabor sa burges na propyedad.

Ang naiibang katangian ng komunismo ay hindi ang abolisyon ng pag-aari sa pangkalahatan, kundi ang abolisyon ng burges na pag-aari. Pero ang modernong pribadong pag-aaring burges ang huli at pinakaganap na ekspresyon ng sistema ng paglilikha at apropiyasyon ng produkto na nakabatay sa makauring antagonismo, sa pagsasamantala sa marami ng iilan*.

Sa ganitong pakahulugan, maaaring lagumin ang teorya ng mga Komunista sa iisang pangungusap: abolisyon ng pribadong pag-aari.

Inaalipusta kaming mga Komunista na naghahangad na pawiin ang karapatan na personal na makapag-angkin ng propyedad bilang bunga ng sariling paggawa ng tao, at sinasabing ang propyedad na ito ay pundasyon ng lahat ng personal na kalayaan, aktibidad at kasarinlan.

* Sa orihinal na German, ang mga salitang "pagsasamantala sa marami ng iilan" ay "ang pagsasamantala sa ilan ng iba pa."

Pinaghirapan, nabili, pinagtipunang propyedad! Ang ibig ba ninyong sabihin ay ang propyedad ng maliliit na artisano at ng maliliit na magsasaka, isang anyo ng propyedad na nauna sa anyong burges? Walang pangangailangang pawiin iyon; sa malaking antas, winasak na iyon ng pag-unlad ng industriya, at patuloy pa itong winawasak araw-araw.

O ang ibig mong sabihin ay ang modernong burges na pribadong pag-aari?

Pero lumilikha ba ang sahurang paggawa ng anumang pag-aari para sa manggagawa? Wala ni katiting. Nililikha nito ang kapital, ibig sabihin, ang tipo ng propyedad na nagsasamantala sa sahurang paggawa, at hindi mapapalaki maliban sa mga kalagayan ng pagluluwal ng bagong suplay ng sahurang paggawa para sa panibagong pagsasamantala. Sa kasalukuyang anyo nito, nakabatay ang propyedad sa antagonismo ng kapital at sahurang paggawa. Suriin natin ang magkabilang panig ng antagonismong ito.

Ang pagiging kapitalista ay hindi pagtatamo ng isang purong personal na *katayuan* sa produksyon lamang, kundi isang panlipunang *katayuan* sa produksyon. Ang kapital ay isang produktong kolektibo, at sa pamamagitan lamang ng nagkakaisang pagkilos ng maraming myembro, hindi, sa kahuli-hulihan, sa pamamagitan lamang ng nagkakaisang pagkilos ng lahat ng myembro ng lipunan maaari itong mapagana.

Kung gayon, ang kapital ay hindi lamang personal na kapangyarihan, isa itong kapangyarihang panlipunan.

Kung gayon, kapag ginagawang pag-aaring komun ang kapital, kapag ginagawa itong pag-aari ng lahat ng myembro ng lipunan, hindi itinatransporma ang personal na pag-aari sa pamamagitan nito bilang panlipunang pag-aari. Ang katangiang panlipunan lamang ng pag-aari ang binabago. Nawawala ang makauring katangian nito.

Dumako naman tayo sa sahurang paggawa.

Ang karaniwang presyo ng sahurang paggawa ay ang minimum na sahod, ibig sabihin, ang kabuuan ng mga panustos sa buhay na absolutong rekisito para halos mapanatili na lamang na buhay ang manggagawa bilang manggagawa. Kung gayon, ang nakukuha ng sahurang manggagawa sa pamamagitan ng kanyang paggawa ay sumasapat lamang para pahabain at muling likhain ang kalagayang halos mabuhay lamang. Hinding-hindi namin nilalayon na pawiin ang personal na apropiyasyong ito ng mga produkto ng paggawa, isang apropiyasyon na ginagawa para sa pagmementina at reproduksyon ng buhay ng tao, na hindi nag-iiwan ng sarplas na magagamit para kontrolin ang paggawa ng iba. Ang tanging hangad naming pawiin ay ang miserableng katangian ng apropiyasyong ito, kung saan nabubuhay lamang ang manggagawa para palakihin ang kapital, at hinahayaang mabuhay hangga't kinakailangan lamang ito ng interes ng naghaharing uri.

Sa lipunang burges, ang buhay na paggawa ay isa lamang pamamaraan para palakihin ang nakaimbak na paggawa. Sa lipunang komunista, ang nakaimbak na paggawa ay isa lamang paraan para palawakin, payamanin at paunlarin ang buhay ng manggagawa.

Kung gayon, sa lipunang burges, dinodomina ng nakaraan ang kasalukuyan; sa lipunang komunista, dinodomina ng kasalukuyan ang nakaraan. Sa lipunang burges, ang kapital ay independyente at may indibidwalidad, habang ang buhay na tao ay dependyente at walang indibidwalidad.

Ang pagpawi sa ganitong katayuan ay tinatawag ng burges na abolisyon ng indibidwalidad at kalayaan! Tama nga iyon. Walang dudang nilalayon ang abolisyon ng burges na indibidwalidad, burges na independensya, at burges na kalayaan.

Ang kahulugan ng kalayaan, sa ilalim ng kasalukuyang kalagayan ng produksyong burges, ay malayang kalakalan, malayang pagbebenta at pamimili.

Pero kung mawawala ang pagbebenta at pamimili, mawawala rin ang malayang pagbebenta at pamimili. Ang usap-usapan tungkol sa malayang pagbebenta at pamimili, at lahat ng ibang “matatapang na pananalita” ng ating burges tungkol sa kalayaan sa pangkalahatan ay may kahulugan, kung mayroon man, kung itatapat lamang sa restriktadong pagbebenta at pamimili at sa restriktadong mga komersyante ng Kapanahunang Midyebal, ngunit walang kahulugan kung itatapat sa

komunistang abolisyon ng pagbebenta at pamimili, o ng mga kalagayan ng produksyong burges, at sa komunistang abolisyon ng burgesya mismo.

Kinikilabutan kayo sa paglalayon naming pawiin ang pribadong pag-aari. Pero sa inyong umiiral na lipunan, pinapawi na ang pribadong pag-aari para sa siyam sa bawat sampu ng populasyon; ang pag-iral nito para sa iilan ay bukod-tanging dahil hindi ito umiiral sa mga kamay ng siyam sa bawat sampung iyon. Ikinagagalit ninyo sa amin, kung gayon, ang paglalayong pawiin ang isang anyo ng pag-aari, na ang kinakailangang kondisyon naman para makairal ay ang kawalan ng anumang pag-aari para sa napakalaking mayorya ng lipunan.

Sa madaling salita, ikinagagalit ninyo sa amin ang paglalayong pawiin ang inyong pag-aari. Ganoon nga; iyan mismo ang aming nilalayon.

Sa sandaling hindi na magagawang kapital, salapi o upa ang paggawa, hindi na maaaring gawing isang kapangyarihang panlipunan na pwedeng monopolisahin, ibig sabihin, sa sandaling hindi na magagawang burges na pag-aari o kapital* ang indibidwal na pag-aari, sa sandaling iyon, ayon sa inyo, naglalaho ang indibidwalidad.

Samakatwid, dapat aminin ninyo na ang ibig ninyong sabihin sa “indibidwal” ay walang iba kundi ang burges na tao, ang panggitnang uring may-ari ng propyedad.

* Ang salitang “kapital” ay wala sa orihinal na German.

Dapat ngang kalusin at gawing imposible ang ganitong tao.

Hindi inaalisan ng Komunismo ang sinuman ng kapangyarihang angkinin ang mga produkto ng lipunan; ang tanging ginagawa nito ay alisan siya ng kapangyarihan na angkinin ang paggawa ng iba sa pamamagitan ng ganoong apropiyasyon.

Itinututol na sa abolisyon ng pribadong pag-aari, titigil ang lahat ng pagtatrabaho, at mangingibabaw sa atin ang unibersal na katamaran.

Sang-ayon sa ganitong pangangatwiran, dapat matagal nang nabulok ang lipunang burges dahil sa tahasang katamaran; dahil ang mga myembro nito na nagtatrabaho ay walang naaangkin, at ang mga nakakaangkin ng anupaman ay hindi nagtatrabaho. Ang kabuuan ng pagtutol na ito ay isa lamang ekspresyon ng sumusunod na tautolohiya: hindi na maaaring magkaroon ng sahurang paggawa kung wala nang kapital.

Lahat ng pagtutol na iniuupat laban sa komunistikong moda sa paglikha at apropiyasyon ng materyal na mga produkto, ay iniuupat sa gayon ding paraan laban sa komunistikong moda sa paglikha at apropiyasyon ng mga produktong intelektwal. Katulad ng ang paglalaho ng makauring pag-aari para sa burges ay ang paglalaho ng produksyon mismo, ganoon din, para sa kanya, ang paglalaho ng makauring kultura ay katumbas ng paglalaho ng lahat ng kultura.

Para sa napakalaking mayorya, ang kulturang iyon, na ipinanaghoy ng burges ang paglalaho, ay isang simpleng pagsasanay na kumilos na parang makina.

Gayunman, huwag na kayong makipagtalo sa amin hanggang nilalapat ninyo sa aming nilalayong abolisyon ng burges na pag-aari ang pamantayan ng inyong burges na mga ideyang kalayaan, kultura, batas, atbp. Ang mga ideya ninyo mismo ay iniluwal lamang ng mga kondisyon ng inyong burges na produksyon at burges na pag-aari, gaya ng ang inyong sistema ng batas ay kapasyahan lamang ng inyong uri na ginawang batas para sa lahat, isang kapasyahan na ang esensyal na katangian at direksyon ay itinatakda ng mga kalagayan sa ekonomya ng pag-iral ng inyong uri.

Ang makasariling maling kuru-kuro na nagtutulak sa inyong itransporma bilang eternal na mga batas ng kalikasan at pangangatwiran ang mga anyong panlipunan na iniluluwal ng inyong kasalukuyang moda sa produksyon at anyo ng pag-aari—istorikong mga relasyon na lumilitaw at naglalaho sa pag-unlad ng produksyon—katulad ninyo, ang maling kuru-kurong ito ay maling kuru-kuro ng lahat ng naghaharing uri na nauna sa inyo. Ang inyong malinaw na nakikita sa kaso ng sinaunang pag-aari, ang inyong inaamin sa kaso ng pyudal na pag-aari, mangyari pa, ay hindi ninyo pwedeng aminin sa kaso ng inyong sariling burges na anyo ng pag-aari.

Abolisyon ng pamilya! Kahit na ang pinakaradikal ay nag-iinit ang ulo sa napakasamang panukalang ito ng mga Komunista.

Sa anong pundasyon nakabatay ang kasalukuyang pamilya, ang pamilyang burges? Sa kapital, sa pribadong tubo. Sa kanyang buung-buong anyo, umiiral lamang ang pamilyang ito sa hanay ng burgesya. Pero ang katapat ng katayuang ito ay ang halos kawalan ng pamilya sa hanay ng mga manggagawa, at sa prostitusyong publiko.

Mangyari pa'y maglalaho ang pamilyang burges kapag maglaho ang katapat nito, at kapwa'y maglalaho sa paglalaho ng kapital.

Ibinibintang ba ninyo sa amin na gusto naming itigil ang pagsasamantala sa mga bata ng kanilang mga magulang? Inaamin namin ang krimeng ito.

Pero, ayon sa inyo, winawasak namin ang pinakasagrado sa mga relasyon kung ihahalili natin sa edukasyong pantahanan ang edukasyong panlipunan.

At ang inyong edukasyon! Hindi ba iyo'y panlipunan rin, at itinatakda ng mga kalagayang panlipunan kung saan kayo'y nagbibigay ng edukasyon, ng interbensyon ng lipunan, tuwiran man o di tuwiran, sa pamamagitan ng mga paaralan, atbp.? Hindi sinadya ng mga Komunista ang interbensyon ng lipunan sa edukasyon; ang nilalayon lamang nila ay baguhin ang katangian ng interbensyong iyon, at iligtas ang edukasyon mula sa impluwensya ng naghaharing uri.

Ang burges na satsat tungkol sa pamilya at edukasyon, tungkol sa sagradong relasyon ng mga magulang at bata, ay lalong nagiging kasuklam-suklam sa higit na paglalansag sa ugnayang pampamilya sa hanay ng mga manggagawa, at ang kanilang mga anak ay nagiging simpleng mga artikulo ng komersyo at mga instrumento ng paggawa dahil sa tulak ng Modernong Industriya.

Pero pasisimulan ninyong mga Komunista ang komunidad ng kababaihan, sabay-sabay na hiyaw ng burgesya.

Ang nakikita ng burges sa kanyang asawa ay isa lamang instrumento sa produksyon. Naririnig niya na ang mga instrumento sa produksyon ay gagamitin nang komun, at mangyari pa, walang ibang kongklusyon siyang mahalaw liban sa ang kapalarang komun ng lahat ang siya ring mangyayari sa kababaihan.

Wala siya ni anumang hinala na ang tunay na punto na nilalayon ay ang pagpawi sa katayuan ng kababaihan bilang mga instrumento sa produksyon lamang.

Dagdag pa, wala nang mas katawa-tawa pa sa mapagmalinis na indignasyon ng ating burges sa komunidad ng kababaihan, na sa pagkukunwa nila'y hayagan at upisyal na itatatag ng mga Komunista. Hindi na kailangang pasimunuan ng mga Komunista ang malayang pagmamahalan; umiral na ito sa mula't sapul.

Hindi nakukuntento sa kalagayang nasa ilalim ng kapangyarihan nila ang mga asawa at anak na babae ng kanilang manggagawa, huwag nang banggitin pa ang

karaniwang mga puta, siyang-siya pa ang ating burges sa pang-aakit sa asawa ng isa't isa.

Sa katunayan, ang burges na kasal ay isang sistema ng mga asawang komun at sa gayon, sa kasagaran, ang maaaring ikagalit sa mga Komunista ay gusto nilang pasimulan, kahalili ng ipokritong ikinukubling sistema, ang isang hayagang ligalisadong sistema ng malayang pagmamahalan. Sa kabuuan, malinaw na sa abolisyon ng kasalukuyang sistema ng produksyon, magiging kaakibat ang abolisyon ng malayang pagmamahalan na iniluluwal ng sistemang iyon, ibig sabihin, ng prostitusyon, kapwa publiko at pribado.

Dagdag pa, ikinagagalit sa mga Komunista ang paghahangad na pawiin ang mga bayan at nasyunalidad.

Walang bayan ang mga manggagawa. Hindi natin mababawi sa kanila ang bagay na wala sila. Dahil una sa lahat, dapat makamit ng proletaryado ang pangigingibabaw sa pulitika, dapat umangat bilang namumunong uri ng bansa*, dapat itatag ang sarili bilang siyang bansa, hanggang sa antas na iyon, ito mismo'y pambansa, pero hindi sa burges na pakahulugan ng salita.

Araw-araw, pawala nang pawala ng mga pagkakaiba at antagonismong pambansa sa pagitan ng mga mamamayan dahil sa pag-unlad ng burgesya, sa kalayaan ng komersyo, sa pandaigdigang pamilihan, sa

* Sa orihinal na German, ang mga salitang "ang namumunong uri ng bansa" ay "ang pambansang uri".

unipormidad sa moda ng produksyon at sa kondisyon sa buhay na nakabatay dito.

Idudulot ng pangigingibabaw ng proletaryado ang mas mabilis na paglaho ng mga ito. Ang nagkakaisang pagkilos ng nangungunang sibilisadong mga bayan sa pinakaminimo ang isa sa unang mga kondisyon para sa pagpapalaya ng proletaryado.

Sa antas na wawakasan ang pagsasamantala ng isang indibidwal sa isa pa, wawakasan din ang pagsasamantala ng isang bansa ng isa pa. Sa antas na naglalaho ang antagonismo sa pagitan ng mga uri sa loob ng bansa, ang hostilidad ng isang bansa sa isa pa ay magwawakas.

Ang mga akusasyon laban sa komunismo mula sa relihiyoso, pilosopiko at sa pangkalahatan, pang-ideolohiyang paninindigan ay hindi karapat-dapat bigyan ng seryosong pagsusuri.

Kailangan pa ba ng malalim na intuwisyon para maunawaan na nagbabago ang mga ideya, pananaw at konsepsyon ng tao, sa madaling salita, ang kamulatan ng tao, sa bawat pagbabago sa mga kalagayan ng kanyang materyal na buhay, sa kanyang mga relasyong panlipunan at sa kanyang buhay panlipunan?

Ano pa ang pinatutunayan ng kasaysayan ng mga ideya, liban sa binabago ng intelektwal na produksyon ang kanyang katangian sa antas na nagbabago ang materyal na produksyon? Lagi't lagi, ang nangingibabaw na mga ideya ng bawat kapanahunan ay ang mga ideya ng naghaharing uri nito.

Kapag pinag-uusapan ang mga ideya na nagrerebolusyonisa ng lipunan, ang inilalahad lamang ng mga ito ay ang katotohanan na sa loob ng lumang lipunan, nalikha na ang mga elemento ng bagong lipunan, at ang pagkalusaw ng lumang mga ideya ay sumasabay sa pagkalusaw ng lumang mga kalagayan ng buhay.

Nang naghihingalo na ang sinaunang daigdig, ang sinaunang mga relihiyon ay ginapi ng Kristyanidad. Nang matalo ang mga ideyang Kristyano sa ikalabingwalong siglo ng mga ideyang rasyunalista, sinuong ng lipunang pyudal ang kanyang huling laban sa burgesya na noo'y rebolusyonaryo. Nagbibigay lamang ng ekspresyon ang mga ideya ng kalayaan sa relihiyon at kalayaan sa konsyensya sa pangigingibabaw ng malayang kumpetisyon sa loob ng kaharian ng kaalaman.*

Maaaring sabihin, "Walang duda na nabago ang mga ideyang relihiyoso, moral, pilosopikal, at huridikal sa proseso ng istorikong pag-unlad. Pero lagi't laging nananatili ang relihiyon, moralidad, pilosopiya, syensyang pampulitika, at batas sa lahat ng pagbabagong ito."

"Bukod pa rito, mayroong eternal na mga katotohanan, gaya ng Kalayaan, Katarungan, atbp., na komun sa lahat ng estado ng lipunan. Pero pinapawi ng komunismo ang

* Sa edisyong German ng 1848, ang salitang "kaalaman" ay "konsyensya." Sa mga edisyong German ng 1872, 1883 at 1890, ang salitang "kaalaman" ay ginagamit nang tulad sa salin sa Ingles.

eternal na mga katotohanan, pinapawi nito ang lahat ng relihiyon, at lahat ng moralidad, sa halip na itatag ang mga ito sa isang bagong batayan; samakatwid, kumikilos ito nang kasalungat sa lahat ng nakaraang istorikong karanasan.”

Ano ang buod ng akusasyong ito? Ang kasaysayan ng lahat ng nakalipas na lipunan ay binubuo ng pag-unlad ng makauring mga antagonismo, mga antagonismong nagkaroon ng iba’t ibang anyo sa iba’t ibang kapanahunan.

Pero anuman ang anyo nito, isang katotohanan ang komun sa lahat ng nakalipas na kapanahunan, ibig sabihin, ang pagsasamantala ng isang bahagi ng lipunan sa isa pa. Kung gayon, hindi katakataka na ang kamulatang panlipunan ng nakalipas na mga kapanahunan, sa kabila ng lahat ng multiplisidad at pagkakaiba-iba na ipinakikita nito, ay umiinog sa ilang anyong komun o pangkalahatang mga ideya na hindi maaaring ganap na maglaho liban kung ganap na maglalaho ang makauring antagonismo.

Ang rebolusyong komunista ang pinakaradikal na paghulagpos sa tradisyunal na mga relasyon sa pag-aari; hindi katakataka na kabahagi ng pag-unlad nito ang pinakaradikal na paghulagpos sa tradisyunal na mga ideya.

Pero iwan na natin ang mga pagtutol ng burges sa komunismo.

Nakita natin sa itaas na ang unang hakbang sa rebolusyon ng uring manggagawa ay iangat ang proletaryado sa pusisyon ng naghaharing uri para ipagwagi ang laban sa demokrasya.

Gagamitin ng proletaryado ang kanyang pangigingibaw sa pulitika para agawin nang antas-antas ang lahat ng kapital mula sa burgesya, para sentralisahin ang lahat ng instrumento sa produksyon sa mga kamay ng estado, ibig sabihin, ang proletaryado na organisado bilang naghaharing uri, at para palakihin ang kabuuang mga pwera sa produksyon sa pinakamabilis na paraang posible.

Mangyari pa, sa simula, hindi ito maaaring maisagawa liban sa pamamagitan ng despotikong pagsaklaw sa mga karapatan sa pag-aari, at sa mga kalagayan ng produksyong burges; samakatwid, sa pamamagitan ng mga hakbang na mukhang di sapat at di mapanghawakan sa ekonomya, pero sa landas ng kilusan ay mahihigitan ang sarili, hihingi ng dagdag pang pagsaklaw sa lumang kaayusang panlipunan*, at hindi maiiwasan bilang pamamaraan sa lubos na pagrerebolusyonisa ng moda sa produksyon.

Mangyari pa, mag-iiba-iba ang mga hakbang na ito sa iba't ibang bayan.

* Ang mga salitang “hihingi ng dagdag pang pagsaklaw sa lumang kaayusang panlipunan” ay wala sa orihinal na German.

Gayunpaman, sa karamihan ng abanteng bayan, humigit-kumulang ay maaari sa pangkalahatan ang mga sumusunod:

1. Abolisyon ng pag-aari sa lupa at paglalaan ng lahat ng upa sa lupa para sa mga layuning publiko.
2. Isang mabigat na progresibo o anda-andanang buwis sa kita.
3. Abolisyon ng lahat ng karapatan sa pagmamana.
4. Kumpiskasyon ng pag-aari ng lahat ng nagsilikas at rebelde.
5. Sentralisasyon ng pautang sa mga bangko ng estado sa pamamagitan ng isang pambansang bangko na may kapital ng estado at eksklusibong monopolyo.
6. Sentralisasyon ng kagamitan sa komunikasyon at transportasyon sa mga kamay ng estado.
7. Pagpapalawak ng mga pabrika at instrumento sa produksyon na pag-aari ng estado; ang paglilinang ng mga lupaing di natatamnan, at ang pagpapaunlad ng lupa sa kalahatan alinsunod sa isang planong komun.
8. Pantay na obligasyon ng lahat na magtrabaho. Pagtatatag ng mga hukbong industriyal, laluna para sa agrikultura.
9. Kumbinasyon ng agrikultura sa mga industriya sa manupaktura; unti-unting abolisyon ng lahat ng

* Sa edisyong German ng 1848, ang salitang "pagkakaiba" ay "antitesis." Sa mga edisyong German ng 1872, 1883, at 1890, ang salitang "pagkakaiba" ay ginamit nang tulad ng sa salin sa Ingles.

pagkakaiba * sa pagitan ng kalunsuran at kanayunan sa pamamagitan ng mas matwid na distribusyon ng populasyon sa buong bayan**.

10. Libreng edukasyon para sa lahat ng bata sa mga paaralang publiko. Abolisyon ng paggawa sa pabrika ng bata sa kasalukuyan nitong anyo. Kumbinasyon ng edukasyon sa industriyal na produksyon***, atbp.

Kapag naglaho na ang mga kaibahan sa uri sa proseso ng pag-unlad, at lahat ng produksyon ay nakonsentra sa mga kamay ng isang malawak na asosasyon ng buong bansa, mawawala ang pampulitikang katangian ng kapangyarihang publiko. Ang kapangyarihang pampulitika, sa wastong pakahulugan nito, ay ang organisadong kapangyarihan lamang ng isang uri para sa pang-aapi sa isa pang uri. Kung mapipilitan ang proletaryado sa kanyang pakikitunggali sa burgesya, dala ng mga sirkunstansya, na organisahin ang sarili bilang isang uri; kung sa pamamagitan ng isang rebolusyon, magawa nitong maging naghaharing uri ang sarili, at bilang naghaharing uri, pwersahang winawalis ang lumang mga kondisyon sa produksyon, kung gayon, wawalisin nito, kasama ng mga kondisyong ito, ang mga kondisyon sa pag-iral ng makauring mga antagonismo at

** Wala ang mga salitang "sa pamamagitan ng mas matwid na distribusyon ng populasyon sa buong bayan" sa orihinal na German.

*** Sa orihinal na German, ang mga salitang "industriyal na produksyon" ay "materyal na produksyon."

ng mga uri sa pangkalahatan*, at sa gayon ay mapapawin ang sariling pangingibabaw bilang uri.

Kapalit ng lumang lipunang burges, kasama ang mga uri at makauring mga antagonismo nito, magkakaroon tayo ng isang asosasyon kung saan ang malayang pag-unlad ng bawat isa ang kondisyon para sa malayang pag-unlad ng lahat.

III

Panitikang Sosyalista at Komunista

1. Reaksyunaryong Sosyalismo

a. Sosyalismong Pyudal

Dahil sa kanilang istorikong pusisyon, naging gawain ng mga aristokrasya sa France at England ang pagsusulat ng mga pampleto laban sa modernong lipunang burges. Sa Rebolusyong Pranses ng Hulyo 1830, at sa ahitasyon para sa reporma sa England, nagapi na naman ang mga aristokrasyang ito ng kamuhi-muhing baguhan. Magmula noon, hinding-hindi na uubra ang seryosong pampulitikang pakikibaka. Isang labanan sa panitikan na lamang ang maaaring maganap. Pero kahit na sa

* Sa mga edisyong German ng 1872, 1883 at 1890, ang mga salitang “wawalisin nito ang mga kondisyon sa pag-iral ng makauring mga antagonismo at ng mga uri sa pangkalahatan” ay “winalis ang mga kalagayan para sa pag-iral ng mga antagonismo sa uri, at ang mga uri sa pangkalahatan.” Sa edisyong German ng 1848, pareho ang ginamit na salita ng sa salin sa Ingles.

larangan ng panitikan, ang lumang mga sigaw ng kapanahunan ng restorasyon ay imposible na.³⁷

Para makakuha ng simpatya, naobliga ang aristokrasya na magmistulang tumatalikod sa sarili nitong mga interes, at ilahad ang sakdal nito laban sa burgesya sa interes ng pinagsasamantalang uring manggagawa lamang. Sa gayon, gumanti ang aristokrasya sa pamamagitan ng pag-aawit ng panunuya sa kanilang bagong mga amo at pagbubulong sa kanyang tainga ng nakakatakot na mga hula ng napipintong kapahamakan.

Sa ganitong paraan lumitaw ang pyudal na Sosyalismo: bahagyang panaghoy, bahagyang panunuya; bahagyang alingawngaw ng nakalipas, bahagyang banta ng hinaharap; minsan, tumatama sa burgesya sa pinakasentro ng puso sa kanyang mapait, mapagbiro at matalas na kritisismo, pero laging katawa-tawa sa epekto nito, dahil ganap na wala itong kakayahan na unawain ang pagsulong ng modernong kasaysayan.

Iwinagayway ng aristokrasya ang palimusan ng manggagawa bilang bandila para makabig ang mamamayan sa kanilang panig. Pero dahil madalas na itong sumama sa kanila, nakita ng mamamayan sa kanilang puwitan ang lumang pyudal na bandila, at iniwan sila nang may malakas at walang galang na halakhak.

Ipinamalas ng isang seksyon ng mga *Legitimist* ng France at "*Young England*" ang palabas na ito:

Sa pagpapakita na kakaiba ang kanilang moda ng pagsasamantala sa moda ng burgesya, kinalimutan ng mga pyudalista na nagsamantala sila sa sirkunstansya at kalagayan na ibang-iba at ngayon ay lipas na. Sa pagdidiin na hindi kailanman umiral ang modernong proletaryado sa ilalim ng kanilang paghahari, kinakalimutan nila na ang modernong burgesya ang kinakailangang supling ng kanilang sariling anyo ng lipunan.

Bukod pa dito, hindi na nila halos ikinukubli ang reaksyunaryong katangian ng kanilang kritisismo na ang kanilang pangunahing akusasyon laban sa burges ay ganito: na sa ilalim ng rehimeng burges, umuunlad ang isang uri na nakatakdang putulin sa ugat at sanga ang lumang kaayusan ng lipunan.

Binabanatan nila ang burgesya hindi gaanong dahil sa nililikha nito ang proletaryado kundi dahil nililikha nito ang isang rebolusyonaryong proletaryado.

Samakatwid, sa praktika sa pulitika, kasama sila sa lahat ng mapanupil na hakbang laban sa uring manggagawa; at sa karaniwang buhay, sa kabila ng kanilang magagandang pakinggang pananalita, dumudukwang sila para pulutin ang gintong mga mansanas na nalalaglag mula sa puno ng industriya*, at ipinagpapalit ang katotohanan, pagmamahal, at karangalan, para makapagbenta ng lana, asukal, at alak mula sa patatas.³⁹

* Ang mga salitang “nalaglag mula sa puno ng industriya” ay wala sa orihinal na German.

Tulad ng laging malapit na pagtutulungan ng pari sa panginoong maylupa, ganoon din ang pagsasama ng sosyalismong klerikal sa sosyalismong pyudal.

Wala nang dadali pa sa pagbibigay ng sosyalistang bahid sa asetisismong Kristiyano. Hindi ba't nagtatalumpati ang Kristyanidad laban sa pribadong pag-aari, laban sa kasal, laban sa estado? Hindi ba't nangangaral ito ng kawanggawa at karalitaan, *celibacy* at penitensya ng katawang lupa, buhay monastiko at Inang Simbahan kapalit ng lahat ng ito? Ang sosyalismong Kristiyano* ang sagradong tubig lamang na ginagamit ng pari para basbasan ang nag-aalab na mga hangarin ng aristokrata.

b. Sosyalismong Petiburges

Hindi lamang ang pyudal na aristokrasya ang tanging uri na winasak ng burgesya, hindi lamang ito ang tanging uri na humina nang husto at pumanaw sa kapaligiran ng modernong lipunang burges. Ang mga *burgess* at ang maliliit na nagmamay-aring magsasaka ang mga tagapagpauna ng modernong burgesya. Sa mga bayang hindi pa gaanong maunlad sa industriya at komersyo, nabubuhay nang walang sigla ang dalawang uring ito kasabay ng sumisibol na burgesya.

Sa mga bayang ganap nang maunlad ang modernong sibilisasyon, nabuo ang isang bagong uri na petiburges,

* Sa edisyong German ng 1848, ang salitang "Kristiyano" ay "Banal at pangkasalukuyan." Sa mga edisyong German ng 1872, 1883 at 1890, ang salitang "Kristiyano" ay ginamit nang tulad sa salin sa Ingles.

na taas-baba sa pagitan ng proletaryado at burgesya, at laging sinasariwa ang sarili bilang supplementaryong bahagi ng lipunang burges. Gayunman, palaging nalalaglag sa proletaryado ang indibidwal na myembro ng uring ito dahil sa kilos ng kumpetisyon, at habang umuunlad ang Modernong Industriya, natatanaw nilang papalapit ang sandali na ganap silang maglalaho bilang independyenteng seksyon ng modernong lipunan, at hahalinhan sa manupaktura, agrikultura at komersyo ng mga superbisor, katiwala at *shopmen*.

Sa mga bayang tulad ng France kung saan bumubuo ang mga magsasaka ng higit sa kalahati ng populasyon, natural na gamitin ng mga manunulat na pumanig sa proletaryado laban sa burgesya, sa kanilang kritisismo sa rehimeng burges, ang bandila ng magsasaka at petiburges, at ipaglaban ang uring manggagawa mula sa paninindigan ng intermedyang mga uring ito. Ganoon lumitaw ang sosyalismong petiburges. Si Sismondi ang pinuno ng sistema ng kaisipang ito, hindi lamang sa France kundi maging sa England.

Napakatalas na sinuri ng sistema ng kaisipang sosyalismong ito ang mga kontradiksyon sa kalagayan ng modernong produksyon. Inilantad nito ang ipokritong pangangatwiran ng mga ekonomista. Di mapapasubaliang pinatunayan nito ang mapanalantang epekto ng makinarya at hatian sa paggawa; konsentrasyon ng kapital at lupa sa iilang kamay; labis na produksyon at mga krisis; ipinakita nito ang di maiiwasang pagbagsak ng petiburges at magsasaka, ang

pagdarahop ng proletaryado, ang anarkiya sa produksyon, ang naghuhumiyaw na di pagkakapantay-pantay sa distribusyon ng yaman, ang industriyal na digmang mapanlipol sa pagitan ng mga bansa, ang pagkalusaw ng lumang mga buklod sa moralidad, ng lumang relasyon sa pamilya, at ng lumang nasyunalidad.

Gayunman, sa positibong mga layunin nito, inaadhika ng anyong ito ng sosyalismo na panumbalikin ang lumang mga kagamitan sa produksyon at palitan, at kaakibat nito, ang lumang mga relasyon sa pag-aari at ang lumang lipunan, o kaya'y isiksik ang modernong mga kagamitan sa produksyon at palitan sa loob ng balangkas ng lumang mga relasyon sa pag-aari na pinasabog, o tiyak na pasasabugin ng mga kagamitan sa produksyon at palitang iyon. Alinman sa dalawa ay kapwa reaksyunaryo at Utopyan.

Ang huling mga salita nito ay: Korporadong mga gremyo para sa manupaktura; relasyong patriyarkal sa agrikultura.

Sa kahuli-hulihan, kapag napawi na ng magiit na istorikong pangyayari ang lahat ng nakalalangong epekto ng panlilinlang sa sarili, nagwawakas ang anyong ito ng Sosyalismo sa bugso ng matinding kalungkutan*.

*Sa orihinal na German, ganito ang pangungusap na ito, "Sa kanyang kasunod na pag-unlad, nalubog ang tendencyang ito sa duwag na silakbo ng pagkabigo."

k. German o “Tunay” na Sosyalismo

Ang panitikang sosyalista at komunista ng France, isang panitikan na lumitaw sa ilalim ng presyur ng isang burgesyang nasa kapangyarihan at siyang ekspresyon ng pakikibaka laban sa kapangyarihang ito ay ipinasok sa Germany sa panahong ang burgesya sa bayang iyon ay nagsisimula pa lamang sa pakikitunggali nito sa pyudal na absolutismo.

Tuwang-tuwang sinunggaban ang panitikang ito ng mga pilosopo, naghahangad maging pilosopo at manunulat na German, nang kinakalimutan naman na nang nagtungo sa Germany ang mga sulating ito, hindi lumikas kasabay ng mga ito ang mga kalagayang panlipunang Pranses. Kaharap ng mga kalagayang panlipunang German, nawala ang lahat ng kabuluhang praktikal ng panitikang Pranses na ito at nagkahugis bilang lantay na aspetong pampanitikan*. Sa gayon, para sa mga pilosopong German ng ikalabingwalong siglo, ang mga hinihingi ng unang Rebolusyong Pranses ay walang iba kundi mga hinihingi ng “Praktikal na Rason” sa pangkalahatan, at sa kanilang mga mata, ipinapakahulugan ng pagsasambit ng Kapasyahan ng rebolusyonaryong burgesyang Pranses ang mga batas ng dalisay na

* Sa orihinal na German, may isa pang pangungusap matapos nito na nagsasabi: “Tiyak na lilitaw ito bilang sabi-sabi tungkol sa tunay na lipunan at tungkol sa realisasyon ng esensya ng tao.” Sa mga edisyong German ng 1872, 1883 at 1890, ganito ang pangungusap: “Tiyak na lilitaw ito bilang sabi-sabi tungkol sa realisasyon ng esensya ng tao.”

Kapasyahan, ng Kapasyahan ayon sa dapat nitong katangian, ng tunay na Kapasyahan ng tao sa pangkalahatan.

Ang ginawa ng mga *manunulat* na German ay binubuo lamang ng pag-aayon ng bagong mga ideyang Pranses sa kanilang sinaunang konsyensyang pilosopikal, o higit pa, sa pagsanib ng mga ideyang Pranses nang hindi binibitiwan ang kanilang sariling pilosopikong punto de bista.

Naganap ang pagsasanib na ito sa parehong paraan ng pagkuha ng isang dayuhang lenggwahe, ibig sabihin, sa pamamagitan ng pagsasalin.

Alam ng lahat kung paanong sumulat ang mga mongha ng hangal na mga buhay ng mga santong Katoliko sa ibabaw ng mga manuskritong kinasusulatan ng klasikal na mga akda ng sinaunang pagano. Binaligtad ng mga manunulat na German ang prosesong ito kaugnay ng makamundong panitikang Pranses. Isinulat nila ang kanilang kabulastugang pilosopikal sa ilalim ng orihinal na Pranses. Halimbawa, sa ibaba ng kritisismong Pranses sa pang-ekonomyang papel ng salapi, isinulat nila ang “alyenasyon ng sang-katauhan”, at sa ibaba ng kritisismong Pranses sa burges na estado, isinulat nila ang “pagbabagsak sa trono sa kategorya ng pangkalahatan”, at iba pa.

Tinagurian nila ang introduksyon ng mga katagang pilosopikal na ito sa likod ng mga kritisismong istorikong Pranses bilang “Pilosopiya ng Aksyon”, “Tunay na

Sosyalismo”, “Syensya ng Sosyalismo ng Germany”, “Pundasyong Pilosopikal ng Sosyalismo”, at iba pa.

Sa gayon, ganap na kinapon ang panitikang sosyalista at komunistang Pranses. At dahil sa mga kamay ng German, hindi na ito ekspresyon ng pakikibaka ng isang uri laban sa isa pa, inakala niyang napangiba-bawan niya ang “pagkamakaisang-panig na Pranses” at kinakatawan niya, hindi ang tunay na rekisitos, kundi ang rekisitos ng katotohanan; hindi ang mga interes ng proletaryado, kundi ang mga interes ng kalikasan ng tao, ng tao sa pangkalahatan, na hindi nakapaloob sa alinmang uri, walang realidad, at nabubuhay lamang sa maulap na kaharian ng pantasyang pilosopikal.

Samantala, unti-unting nawala ang nagdudunungdunungang kawalang muwangan ng sosyalismong German na ito, na napakaseryoso at pormal na gumampan sa kanyang gawaing estudyante at ipinagmalaki ang kanyang makitid na mga kasangkapan sa paraan ng manggagantso sa kanto.

Naging higit na masigasig ang pakikibaka ng mga German, laluna ng burgesyang Prussian, laban sa pyudal na aristokrasya at absolutong monarkiya; sa ibang salita, ang kilusang liberal.

Dahil dito, naipagkaloob ang matagal nang pina-pangarap na oportunidad sa “Tunay” na Sosyalismo para iharap sa kilusang pampulitika ang mga sosyalistikong kahilingan, para magpukol ng tradisyunal na sumpa laban sa liberalismo, laban sa representatibong guberno,

laban sa burges na kumpetisyon, burges na kalayaan sa pamamahayag, burges na lehislasyon, burges na kalayaan at pagkakapantay-pantay, at para mangaral sa masa na wala silang matatamo, at lahat ay mawawala, sa pamamagitan ng kilusang burges na ito. Husto namang nakalimutan ng sosyalismong German na ang kritisismong Pranses, na isang hangal na alingawngaw lamang ito, ay nagpapakahulugan na umiiral ang modernong lipunang burges, kasama ang kaakibat nitong pang-ekonomyang mga kalagayan sa buhay, at ang konstitusyon na angkop dito – ang mga bagay mismo na nilalayong kamtin ng napipintong tunggalian sa Germany.

Para sa absolutong mga gubyrno, kasama ang kapanalig nitong mga pari, propesor, panginoong maylupa sa kanayunan, at upisyales, ito’y nagsilbi bilang katanggap-tanggap na panakot laban sa nagbabantang burgesya.

Matapos ang mapapait na gamot ng panghahagupit at mga bala, ito ang panghimagas na ginamit ng mga nabanggit na gubyrno, sa panahong iyon mismo, para sugbahin ang pag-aalsa ng uring manggagawa.

Habang naglilingkod ang “Tunay” na Sosyalismong ito sa gayon sa gubyrno bilang sandata para labanan ang burgesyang German, kasabay nito, tuwirang kumatawan ito sa reaksyunaryong interes, sa interes ng mga pilistinong German. Sa Germany, ang uring petiburges, isang labi ng ika-16 na siglo at magmula noo’y palaging lumilitaw muli sa iba’t ibang anyo, ang siyang tunay na

batayang panlipunan ng umiiral na kaayusan ng mga bagay-bagay.

Ang pagpapanatili ng uring ito ay ang pagpapanatili ng umiiral na kaayusan ng mga bagay-bagay sa Germany. Ibinabanta ng pangingibabaw sa industriya at pulitika ng burgesya ang tiyak na pagkawasak nito – sa isang banda, mula sa konsentrasyon ng kapital; sa kabilang banda, mula sa pagbangon ng rebolusyon-aryong proletaryado. Mukhang pinapatay ng “Tunay” na Sosyalismo ang dalawang ibong ito sa iisang pukol ng bato. Kumalat ito nang parang epidemya.

Ang sutana na ito ng ispekulatibong mga sapot, na pinalamutian ng mga bulaklak ng retorika, tinubog sa hamog ng sakiting sentimyento; ang transendental na bihis na ito na ibinalot ng mga Sosyalistang German sa kanilang kawawang “eternal na mga katotohanan”, ang lahat ng buto’t balat na ito’y naglingkod para paramihin nang husto ang benta ng kanilang mga kalakal sa ganoong mga mamimili.

Sa bahagi nito, lalo namang kinilala ng sosyalismong German ang bokasyon nito bilang bombastikong kinatawan ng pilistinong petiburges.

Iprinoklama nito na ang bansang German ang modelong bansa, at ang peti-pilistinong German ang tipikal na tao. Binigyan nito ng lihim, mas mataas at sosyalistikong interpretasyon, na ganap na kaba-ligtaran ng tunay na katangian nito, ang bawat buhong na kasamaan ng modelong taong ito. Umabot ito sa kasukdulan ng

tuwirang pagsasalungat sa “malupit na mapanirang” tendensya ng komunismo, at pagpa-pahayag ng kanyang sukduhan at walang kinikilingang pagkamuhi sa lahat ng tunggalian sa uri. Liban sa iilang eksepsyon, lahat ng publikasyong diumano’y sosyalista at komunista na lumalaganap ngayon (1847) sa Germany ay kabilang sa kaharian ng panitikang ito na bulok at nakapagpapahina.⁴⁰

2. Sosyalismong Konserbatibo o Burges

Hinahangad ng isang bahagi ng burgesya na ituwid ang mga karaingang panlipunan upang tiyakin ang patuloy na pag-iral ng lipunang burges.

Kabilang sa seksyong ito ang mga ekonomista, pilantropo, makatao, tagapagpahusay ng kalagayan ng uring manggagawa, tagapag-organisa ng kawanggawa, kasapi ng mga kapisanan para sa pagpigil sa kalupitan sa mga hayop, mga panatiko ng pagiging mahinahon, at pangkaraniwan at walang kabuhay-buhay na taga-reporma ng lahat ng mahihinagap na tipo. Dagdag pa, ang anyong ito ng sosyalismo ay binalangkas na sa kumpletong mga sistema.

Maaari nating tukuyin ang *Pilosopiya ng Karalitaan* ni Proudhon bilang halimbawa ng anyong ito.

Gusto ng sosyalistikong burges ang lahat ng bentahe ng modernong kalagayang panlipunan nang wala ang mga pakikibaka at panganib na di maiiwasang bunga ng mga

ito. Nais nila ang umiiral na katayuan ng lipunan, nang wala ang rebolusyonaryo at naglulusaw na mga elemento nito. Nangangarap sila ng isang bur-gesyang wala ang proletaryado. Mangyari pa, iniisip ng burgesya na ang daigdig na siya ang nangingibabaw sa lahat ang siyang pinakamahasag; at pinauunlad ng sosyalismong burges ang kumportableng kaisipang ito sa iba't ibang humigit-kumulang ay kumpletong mga sistema. Sa pag-oobliga sa proletaryado na ipatupad ang ganoong sistema at sa gayo'y diretsong sumulong tungo sa panlipunang Bagong Herusalem, sa katunayan, inuubliga lamang nito na dapat manatili ang proletaryado sa balangkas ng umiiral na lipunan, at iwaksi ang lahat ng kamuhi-muhing ideya nito kaugnay ng burgesya.

Sinikap ng ikalawa, at mas praktikal, bagamat di kasing sistematiko, na anyo ng sosyalismong ito na pahinain ang lahat ng rebolusyonaryong kilusan sa mga mata ng uring manggagawa sa pamamagitan ng pagpapakita na hindi pampulitikang reporma lamang, kundi isang pagbabago sa materyal na kalagayan sa pag-iral, sa mga relasyon sa ekonomya, ang kapaki-pakinabang sa kanila. Gayunman, hinding-hindi ipinapakahulugan ng anyo ng sosyalismong ito ang pagbabago sa materyal na kalagayan sa pag-iral bilang abolisyon ng burges na relasyon sa produksyon, isang abolisyon na maipapatupad lamang ng isang rebolu-syon, kundi ipinapakahulugan dito'y administratibong mga reporma na nakabatay sa patuloy na pag-iral ng mga relasyong

ito; mga reporma, kung gayon, na hindi nakakaapekto kahit kaunti sa relasyon sa pagitan ng kapital at paggawa, kundi sa kainama'y nakababawas sa halaga at nagpapasimple sa gawaing administratibo ng gubyernong burges.

Natatamo, at matatamo lamang, ng sosyalismong burges ang sapat na ekspresyon kung ito'y magiging simpleng talinhaga na lamang.

Malayang kalakalan: para sa benepisyong uring manggagawa. Mga taripang proteksyunista: para sa benepisyong uring manggagawa. Repormang Pambilangguan*: para sa benepisyong uring manggagawa.

Ito ang huling salita at tanging seryosong hinahangad na salita ng sosyalismong burges.

Mailalagom ito sa mga kataga: ang burges ay burges — para sa benepisyong uring manggagawa.

3. Sosyalismo at Komunismong Kritikal-Utopyan

Hindi natin tinutukoy dito iyong panitikan na laging nagsasatinig sa mga hinihingi ng proletaryado sa bawat dakilang modernong rebolusyon, gaya ng mga sulatin ni Babeuf⁴¹ at iba pa.

* Sa orihinal na German, ang mga salitang "Repormang Pambilangguan" ay "Solitaryong pagkakakulong."

Mangyari pa'y nabigo ang unang tuwirang mga pagsisikap ng proletaryado na makamit ang kanyang mga layunin, na isinagawa sa panahon ng unibersal na ligalig, nang ibinabagsak ang pyudal na lipunan, dahil sa noo'y di maunlad na katayuan ng proletaryado, gayundin dahil sa di pa umiiral ang kalagayan sa ekonomya para sa kanyang pagpapalaya, mga kalagayan na kailangang pang malikha, at malilikha lamang ng napipintong kapanahunang burges. Di maiiwasang may reaksyunaryong katangian ang rebolusyonaryong panitikan na kaakibat ng unang mga kilusang ito. Ikinikintal nito ang unibersal na asetismo at pagpapantay-pantay panlipunan sa pinakakrudong anyo nito.

Lumitaw ang mga sistemang sosyalista at komunista, na angkop na tinaguriang gayon, ang kina Saint-Simon⁴², Fourier⁴³, Owen⁴⁴ at iba pa, sa maagang yugtong hindi pa maunlad ang tunggalian sa pagitan ng proletaryado at burgesya na inilarawan sa itaas (Tingnan ang Seksyon 1. Ang mga Burges at ang mga Proletaryo).

Nakikita nga ng mga tagapagtatag ng mga sistemang ito ang makauring mga antagonismo, gayundin ang pagkilos ng mga elementong naaagnas sa nangingibabaw na anyo ng lipunan. Pero ang proletaryado na nasa kamusmusan pa lamang nito ay nalalahad sa kanila bilang isang uri na walang anumang istorikong inisyatiba o anumang independyenteng kilusang pampulitika.

Dahil ang pag-unlad ng makauring antagonismo ay sumasabay lamang sa pag-unlad ng industriya, hindi pa

nakapagbibigay sa kanila ang sitwasyon sa ekonomya na kanilang natutunghayan ng materyal na kalagayan para sa pagpapalaya ng proletaryado. Samakatwid, naghahanap sila ng isang bagong syensyang panlipunan, ng bagong mga batas panlipunan na siyang lilikha ng mga kalagayang ito.

Papailalim ang istorikong pagkilos sa kanilang personal na mapanlikhang pagkilos; papailalim ang likha-ng-kasaysayang mga kalagayan sa pagpapalaya sa mga pantastikong kalagayan; at papailalim ang unti-unti at ispontanyong makauring organisasyon ng proletaryado sa isang organisasyon ng lipunan na ispesyal na binalangkas ng mga imbentor na ito. Sa kanilang mga mata, ang kasaysayan sa hinaharap ay patutungo sa propaganda at praktikal na pagpapatupad ng kanilang mga planong panlipunan.

Sa pagbalangkas ng kanilang mga plano, mulat silang pangunahing pinangangalagaan ang interes ng uring manggagawa bilang pinakanagdurusang uri. Umiiral lamang para sa kanila ang proletaryado mula sa punto de bista ng pagiging pinakanagdurusang uri.

Dahil sa di maunlad na katayuan ng tunggalian sa uri, gayundin ng kanilang sariling kapaligiran, itinuturing ng mga Sosyalistang ganitong tipo na sila'y higit na superyor sa lahat ng makauring tunggalian. Nais nilang paunlarin ang kalagayan ng bawat kasapi ng lipunan, kahit na ang pinakapinapaboran. Sa gayon, nakaugalian na nilang manawagan sa lipunan sa pangkalahatan nang walang

pagtatangi sa uri; higit pa, mas kumikiling pa silang manawagan sa naghaharing uri. Paano nga naman hindi makikita ng mamamayan oras na maunawaan nila ang kanilang sistema na taglay nito ang pinakamahusay na posibleng plano ng pinakamahusay na posibleng kaayusan ng lipunan?

Kung gayon, tinatanggihan nila ang lahat ng pampulitika, at laluna lahat ng rebolusyonaryong aksyon; hangad nilang matamo ang kanilang mga nilalayon sa pamamagitan ng mapayapang paraan na tiyak na mabibigo, at sa lakas ng halimbawa, na hawanin ang landas para sa bagong ebanghelyong panlipunan.

Umaayon* ang gayong pantastikong mga larawan ng lipunan sa hinaharap, na ginuhit sa isang panahon na nasa napakadimaunlad na yugto pa ang proletaryado at taglay pa ang pantastikong pagkakaunawa sa sariling pusisyon, sa unang likas na hinahangad ng uring iyon para sa pangkalahatang rekonstruksyon ng lipunan.

Gayunman, naglalaman din ang mga publikasyong sosyalista at komunistang ito ng kritikal na elemento. Inaatake nito ang lahat ng prinsipyo ng umiiral na lipunan. Kung gayon, marami silang napakahahalagang materyal para sa pagmumulat sa uring manggagawa. Ang mga praktikal na hakbang na ipinapanukala sa mga ito** - tulad

*Sa mga edisyong German ng 1872, 1883 at 1890, ang mga salitang "umaayon sa" ay "nagmumula sa."

** Sa orihinal na German, ang mga salitang "Ang mga praktikal na hakbang na ipinapanukala sa mga ito" ay "Ang kanilang mga positibong panukala para sa lipunan sa hinaharap."

ng abolisyon ng pagkakaiba*** sa pagitan ng kalunsuran at kanayunan, ng pamilya, ng pagpapagana ng mga industriya para sa pakinabang ng pribadong mga indibidwal, at ng sistemang sahurang; proklamasyon ng pagkakatugmang-tugmang panlipunan, kumbersyon ng tungkulin ng estado bilang simpleng pangangasiwa ng produksyon – lahat ng panukalang ito ay tanging tumuturo sa paglalaho ng makauring mga antagonismo na sa panahong iyo’y nagsisimula pa lamang lumitaw, at sa mga publikasyong ito, ay nakikilala sa kanilang pinakamaaga, di tiyak at malabong anyo lamang. Samakatwid, ang mga panukalang ito’y may lantay utopyan na katangian.

Pabaligtad ang relasyon ng kabuluhan ng sosyalismo at komunismong kritikal-utopyan sa istorikong kaunlaran.

Habang umuunlad at nagkakaroon ng depinidong hugis ang modernong makauring tunggalian, nawawala ang lahat ng praktikal na halaga at lahat ng teoretikal na pagmamatatwid ng pantastikong paghihiwalay sa labanan at mga pantastikong atake rito. Samakatwid, bagamat ang mga tagapagsimula ng mga sistemang ito ay rebolusyonaryo sa maraming aspeto, sa lahat ng kaso, ang kanilang mga disipulo ay nagtayo ng mga sekta lamang na reaksyunaryo. Mahigpit silang tumatagan sa orihinal na mga pananaw ng kanilang mga maestro, kasalungat sa progresibong istorikong pag-unlad ng proletaryado. Kung gayon, nagsisikap sila sa konsistenteng paraan na papurulin ang

*** Sa orihinal na German, ang salitang “pagkakaiba” ay “antitesis”.

tunggalian sa uri at pagkasunduin ang makauring mga antagonismo. Nangangarap pa sila na eksperimental na maipapatupad ang kanilang panlipunang mga utopya, na maitatag nila ang nahihwalay na mga *phalanstere*, na maitatayo ang “mga Kolonyang Pantahanan”, o pagtatatag ng isang “Munting Icaria”⁴⁵ – mga mumunting edisyon ng Bagong Herusalem – at para matamo ang lahat ng kastilyo sa hanging ito, napipilitan silang manawagan sa mga sentimyento at bursa ng burges. Antas-antas, nalulubog sila sa kategorya ng reaksyunaryong konserbatibong mga sosyalista na inilarawan sa itaas, at naiiba lamang sa mga ito sa mas sistematikong pagdudunung-dunungan, at sa kanilang panatiko at mapamahiing paniniwala sa mahimalang epekto ng kanilang syensyang panlipunan.

Samakatwid, marahas nilang nilalabanan ang lahat ng aksyong pampolitika sa bahagi ng uring manggagawa; ayon sa kanila, ang mga pagkilos na iyon ay magmumula lamang sa bulag na di paniniwala sa bagong ebanghelyo.

Sinasalungat ng mga Owenite sa England, at ng Fourierista sa France ang mga Chartist at Reformistes,⁴⁶ ayon sa pagkakasunud-sunod.

IV

Ang Papisyon ng mga Komunista Kaugnay ng Iba't Ibang Umiiral na Partidong Oposisyon

Inilinaw ng Seksyon II ang relasyon ng mga Komunista sa umiiral na mga partido ng uring manggagawa, tulad ng mga Chartist sa England at ang mga Tagarepormang Agraryo sa Amerika.

Nakikibaka ng mga Komunista para matamo ang kagyat na mga layunin, para sa pagpapatupad ng panandaliang mga interes ng uring manggagawa; pero sa kilusan ng kasalukuyan, kinakatawan rin nila at pinangangalagaan ang hinaharap ng kilusang iyon. Sa France, nakikipag-alyado ang mga Komunista sa mga Sosyal Demokrata⁴⁷ laban sa burgesyang konserbatibo at radikal, pero inirereserba ang karapatang kritikal na pumosisyon kaugnay ng mga parirala at ilusyong tradisyunal na ipinamamana ng Dakilang Rebolusyon.

Sa Switzerland, sinusuportahan nila ang mga Radikal, nang hindi kinakalimutan ang katotohanang ang partidong ito ay binubuo ng antagonistikong mga elemento, na bahagi'y mga Demokratikong Sosyalista, sa pakahulugang Pranses, at bahagi'y mga radikal na burges.

Sa Poland, sinusuportahan nila ang partido na naggigiit ng rebolusyong agraryo bilang pangunahing kondisyon

para sa pambansang pagpapalaya, ng partido na nagtulak ng insureksyon ng Krakow noong 1846.

Sa Germany, nakikibaka sila kasama ng burgesya tuwinang kumikilos ito sa rebolusyonaryong paraan laban sa absolutong monarkiya, sa pyudal na pamamanginoong maylupa, at sa petiburgesya.⁴⁸

Pero hindi sila kailanman titigil, kahit isa mang sandali, na ikintal sa uring manggagawa ang pinaka-malinaw na posibleng pagkilala sa mapanalungat na antagonismo sa pagitan ng burgesya at proletaryado, upang agad na magamit ng mga manggagawang German bilang napakaraming sandata laban sa burgesya ang mga kalagayan sa lipunan at pulitika na di maiiwasang ipasok ng burgesya kasabay ng kanyang pangingibabaw, at upang, matapos ng pagbagsak ng reaksyunaryong mga uri sa Germany, masisimulan agad ang pakikibaka laban sa burgesya mismo.

Binibigyang pansin ng mga Komunista pangunahin ang Germany dahil ang bayang iyon ay nasa bisperas ng isang rebolusyong burges na tiyak na magaganap sa mas maunlad na kalagayan ng sibilisasyong Europeoano at nang may mas maunlad na proletaryado kaysa ng sa England noong ikalabimpito, at ng sa France sa ikalabingwalong siglo, at dahil ang rebolusyong burges sa Germany ay magiging pasakalye lamang sa kagyat na kasunod na proletaryong rebolusyon.

Sa maikling salita, sinusuportahan ng mga Komunista sa lahat ng dako ang lahat ng rebolusyonaryong kilusan

laban sa umiiral na kaayusang panlipunan at pampulitika.

Sa lahat ng kilusang ito, ipinauuna nila bilang pangunahing usapin sa bawat isa ang usapin sa pag-aari, anuman ang antas ng pag-unlad nito sa panahong iyon.

Panghuli, kumikilos sila sa lahat ng lugar para sa pagkakaisa at kasunduan ng demokratikong mga partido ng lahat ng bayan.

Ikinamumuhi ng mga Komunistang ilihim ang kanilang mga pananaw at layunin. Hayagan nilang idinedeklara na matatamo ang kanilang mga layunin sa pamamagitan lamang ng pwersahang pagbabagsak sa lahat ng umiiral na kalagayang panlipunan. Hayaang mahintakutan ang mga naghaharing uri sa komunistang rebolusyon. Walang mawawala sa mga manggagawa kundi ng kanilang mga tanikala. Ang daigdig ang kanilang ipagwawagi.

Mga manggagawa ng lahat ng bayan, magkaisa!

MGA TALA

1

Ang *Manipesto ng Partido Komunista* ang pinakadakilang programatikong dokumento ng syentipikong komunismo. “Ang maliit na pampletong ito ay singhalaga ng buu-buong tomo: hanggang sa araw na ito, nagbibigay-inspirasyon at gumagabay ang diwa nito sa buong organisado at nakikibakang proletaryado ng sibilisadong daigdig.” (V. I. Lenin) Bilang platapormang binalangkas nina Marx at Engels para sa Komunistang Liga mula Disyembre 1847 hanggang Enero 1848, unang lumabas ang *Manipesto* sa wikang German noong Pebrero 1848 sa London bilang pampleto na may 23 pahina. Mula Marso hanggang Hulyo 1848, muling inilabas ito sa isang serye sa *Deutsche Londoner Zeitung*, ang demokratikong organo ng mga migranteng German. Sa taon

ding iyon, muling inilimbag sa London ang edisyong German ng *Manipesto* bilang pampleto na may 30 pahina. Ang edisyong ito ang nagsilbing batayan ng sumunod na mga edisyon na inawtorisa nina Marx at Engels. Noong 1848, isinalin ang *Manipesto* sa ilang iba pang lenggwaheng Europeoano - French, Polish, Danish, Flemish at Swedish. Hindi binanggit sa mga ito ang pangalan ng mga may-adka sa mga edisyon ng 1848. Una silang binanggit sa mga pananalitang editoryal na isinulat ni George Harny para sa unang salin sa Ingles ng *Manipesto* na inilimbag sa pahayagang Chartist na *Red Republican* noong 1850.

2

Sa inisyatiba ng lupong editoryal ng *Volkstaat*, inilathala ang isang bagong edisyong German ng *Manipesto* noong 1872, na may paunang salita nina Marx at Engels at ilang minor na pagbabago sa teksto. Taglay nito ang pamagat na *Ang Manipestong Komunista* tulad ng iba pang sumunod na edisyong German ng 1885 at 1890.

3

Ang Rebolusyong Pebrero sa France, 1848.

4

Ang *The Red Republican* ay isang lingguhang pahayagang Chartist na inilabas mula Hunyo hanggang Nobyembre 1850 ni George Harney. Sa isyu bilang 21-24, Nobyembre 1850, ang unang salin sa Ingles ng *Manipesto ng Partido Komunista* ay lumabas sa pamagat na *Manipesto ng Partido Komunista ng Germany*.

5

Ang *Le Socialiste*, organo ng Seksyong French ng Internasyunal, ay siyang lingguhang pahayagang inilathala sa New York mula Oktubre 1871 hanggang Mayo 1873.

Sinuportahan nito ang mga elementong burges at petiburges sa North American Federation ng Internasyunal. Matapos ang Kongresong Hague (Setyembre 1872), pinutol nito ang pakikipag-ugnayan sa Internasyunal. Inilathala nito ang *Manipesto ng Partido Komunista* noong Enero at Pebrero 1872.

6

Tingnan, Karl Marx, *Ang Digmaang Sibil sa France*, Foreign Languages Press, Peking, 1966, p. 64.

7

Ang tinutukoy nito ay ang ikalawang edisyong Ruso ng *Manipesto* na lumabas noong 1882 sa Geneva. Sa Pahabol na Salita, sa artikulong "Hinggil sa mga Panlipunang Relasyon sa Rusya," binanggit ni Engels si G.V. Plekhanov bilang tagasalin at kinilala ito ni Plekhanov mismo sa edisyong Ruso ng 1900. Para sa edisyong 1882, sumulat sina Marx at Engels ng paunang salita na lumbas sa wikang Ruso sa *Narodnaya Volya* (*Ang Kapasyahan ng Mamamayan*) noong Pebrero 5, 1882. Lumabas ito sa wikang German noong Abril 13, 1882, sa Blg. 16 ng *Sozialdemokrat*, organo ng Partido Sosyal-Demokrata ng Germany. Isinali ito ni Engels sa edisyong German ng *Manipesto* ng 1890.

8

Sa katunayan, lumabas ang edisyong ito noong 1869. Sa paunang salita ni Engels sa edisyong Ingles ng 1888, ang petsa ng publikasyon ng salin sa Ruso na ito ay mali rin ang pagkakabigay.

9

Kolokol (Ang Kampana), isang rebolusyonaryong demokratikong dyornal na Ruso, at inilathala ni A. I. Herzen at N. P. Ogaryov sa London mula 1857 hanggang 1865 at

pagkatapos sa Geneva. Inilathala ito sa wikang Ruso mula 1857 hanggang 1867 at sa French na may suplementong Ruso mula 1868 hanggang 1869.

10

Ang tinutukoy nito ay ang sitwasyon matapos ang asasinasyon kay Tsar Alexander II na isinagawa ng mga kagawad ng Narodnaya Volya noong Marso 13, 1881, nang nagtago sa Gatchina, sa timogkanluran ng kasalukuyang Leningrad, si Alexander III, dahil sa takot sa bagong mga akto ng terorismo ng lihim na komiteng tagapagpaganap ng Narodnaya Volya.

11

Ang tinutukoy nito ay ang ikatlong edisyong German ng *Manifesto ng Partido Komunista*, ang unang edisyong binuo ni Engels matapos mamatay si Marx.

12

Tala ni Engels sa parapo: Isinulat ko sa paunang salita sa saling Ingles, "Ang panukalang ito, na sa aking upinyon ay nakatadhanang gawin para sa kasaysayan kung ano ang ginawa ng teorya ni Darwin para sa bayolohiya, ay kapwa naming unti-unting nararating ilang taon na bago 1845. Makikita sa aking *Conditions of the Working Class in England* (Ang mga Kalagayan ng Uring Manggagawa sa England) kung gaano na ang independyente kong pagsulong tungo rito. Pero nang makausap ko muli si Marx sa Brussels noong tagsibol ng 1845, nabuo na niya ito at inilahad sa akin sa mga salitang halos kasinlinaw ng pagkakalahad ko rito."

13

Ang Paglilitis sa mga Komunista sa Cologne (Oktubre 4 hanggang Nobyembre 12, 1852) ay isang kaso na gawa-gawa ng gubernong Prussian. Inaresto nito ang 11 kasapi ng

Komunistang Liga (1847-52) – ang unang internasyunal na komunistang organisasyon ng proletaryado, sa pamumuno nina Marx at Engels na ang *Manipesto ng Partido Komunista* ang siyang programa – at ipinasa sa hukuman para sa paglilitis sa sakdal na “pagtataksil.” Ang ebidensyang iniharap ng mga espiyang pulis ng Prussia ay binubuo ng palsipikadong “orihinal na aklat ng katitikan” ng mga pulong ng Komite Sentral ng Komunistang Liga at ibang mga palsipikadong dokumento, kabilang ang mga papeles na ninakaw ng pulisya mula sa adbenturistang paksyong maka-Willich-Schapper, na pinatalsik na sa Liga. Batay sa palsipikadong mga dokumento at sinungaling na testimonya, sinentensyahan ng hukuman ang pito sa mga nasasakdal ng tatlo hanggang anim na taong pagkakabilanggo. Puspulang inilantad nina Marx at Engels ang probokasyon ng mga tagapag-organisa ng paglilitis na ito at ang kamuhi-muhing mga salamangkang ginamit ng estadong pulis ng Prussia laban sa internasyunal na kilusang manggagawa. (Tingnan, Marx, “Mga Pagbubunyag Tungkol sa Paglilitis sa mga Komunista sa Cologne,” at Engels, “Ang Katatapos na Paglilitis sa Cologne.”)

14

Tala ni Engels: Lagi’t lagi at personal na sinasabi ni Lassalle sa amin na siya’y isang disipulo ni Marx, at bilang ganoon, ay naninindigan sa *Manipesto*. Pero sa kanyang unang ahitasyong publiko, 1862-64, hindi siya lumampas sa paghihingi ng mga kooperatibang pagawaan na sinusupportahan ng pautang ng estado.

15

Isang sipi mula sa talumpati ni W. Bevan, Pangulo ng Kongreso ng mga Unyon, na binigkas sa pulong ng Kongreso

na idinaos sa Swansea noong 1887. Inulat ang talumpati ni Bevan sa dyornal na *Commonwealth* noong Setyembre 17, 1887.

16

Ang *Woodhull and Claflin's Weekly*, isang dyornal sa Amerika na inilathala sa New York mula 1870 hanggang 1876, ng mga peministang burges na sina Victoria Woodhull at Tennessee Claflin. Inilabas ng lingguhang dyornal ang pinaikling bersyon ng *Manipesto ng Partido Komunista* sa isyu nito ng Disyembre 30, 1875.

17

Ang nagsalin ng ikalawang edisyong Ruso ng *Manipesto* ay si G. V. Plekhanov sa katunayan.

18

Ang salin sa Danish na tinutukoy dito – K. Marx og F. Engels: *Det Kommunistiske Manifest*, Kobenhavn 1885 – ay naglalaman ng ilang omisyon at kamalian, na ipinakita ni Engels sa kanyang paunang salita sa edisyong German ng 1890 ng *Manipesto*.

19

Sa katunayan, ang salin sa French na ginawa ni Laura Lafargue ay inilathala sa *Le socialiste* mula Agosto 29 hanggang Nobyembre 7, 1881. Inilimbag din ito bilang apendiks sa *Le France socialiste* ni G. T. Mermeix, Paris, 1886.

Ang *Le Socialiste* ay isang lingguhang pahayagan na itinatag sa Paris ni Jules Guesde noong 1885. Bago 1902, ito ang organo ng Partido sa Paggawa ng France. Naging organo ito ng Partido Sosyalista ng France mula 1902 hanggang 1905. Nag-ambag si Engels sa dyornal sa dekadang 1880 at 1890.

20

Lumabas ang salin sa Espanyol sa *El Socialista* mula Hulyo hanggang Agosto 1886 at inilathala din bilang pampleto sa taon ding iyon.

Ang *El Socialista*, ang organo ng Partido Sosyalista ng mga Manggagawa ng Spain, ay isang lingguhang pahayagan na unang inilathala sa Madrid noong 1885.

21

Ang salawikaing ito ay ginamit nina Marx at Engels sa marami-rami sa kanilang mga akda mula dekadang 1840. Para sa pormulasyong tinutukoy dito, tingnan ang “Mga Pangkalahatang Alituntunin ng Internasyunal na Asosasyon ng mga Manggagawa.”

22

Sa paunang salita sa edisyong German ng 1872, ang pariralang ito ay iba nang kaunti ang pagkakasulat. Tingnan ang pahina 2 ng aklat na ito.

23

Ininulat ni Engels ang paunang salitang ito para sa ikaapat na edisyong German ng *Manipesto* na lumabas sa London, Mayo 1890, bilang isa sa serye ng *Sozial-demokratische Bibliothek*. Ito ang huling edisyon na binuo ng isa sa mga may-akda nito. Kasama din dito ang mga paunang salita sa edisyong German ng 1872 at 1883. Bahagi ng paunang salita ni Engels sa bagong edisyong ito ay muling inilathala sa editoryal na pinamagatang “Isang Bagong Edisyon ng *Manipestong Komunista*” sa Blg. 33, Agosto 16, 1890, ng *Sozialdemokrat*, organo ng Partido Sosyal-Demokrata ng Germany, gayundin sa isang editoryal ng *Arbeiter-Zeitung*, Blg. 48, Nobyembre 28, 1890, na nagdiriwang ng ikapitumpung kaarawan ni Engels.

24

Ang tinutukoy ni Engels ay ang kanyang paunang salita sa edisyong German ng 1885.

25

Ang nawalang manuskritong German ng paunang salita na isinulat ni Marx at Engels para sa edisyong Ruso ng *Manifesto* ay nahanap sa wakas. Nang muling isinalin ang paunang salitang ito mula sa wikang Ruso tungong German, gumawa ng maliliit na pagbabago si Engels.

26

Personal na laging ipinapaalam sa amin ni Lasalle na siya'y "disipulo" ni Marx, at sa gayon, mangyari pa'y naninindigan sa *Manifesto*. Ibang-iba ang usapin kaugnay ng kanyang mga tagasuporta na hindi lumampas sa kahilingan niya para sa mga kooperatiba ng mga prodyuser na suportado ng mga pautang ng Estado at naghahati-hati sa buong uring manggagawa sa mga tagasuporta ng ayuda ng Estado at sa mga tagasuporta ng pagtulong-sa-sarili. [Tala ni Engels]

27

Ang *Kongreso sa Geneva* ng Unang Internasyunal ay ginanap noong Setyembre 3-8, 1866. Dumalo sa Kongreso ang 60 delegado na kumakatawan sa Pangkalahatang Konseho at sa iba't ibang seksyon ng Internasyunal, gayundin sa mga samahan ng mga manggagawa mula sa England, France, Germany at Switzerland. Nangulo si Hermann Jung. Binasa sa Kongreso ang "Mga Instruksyon para sa mga Delegado ng Probisyunal na Pangkalahatang Konseho, ang Iba't Ibang Usapin" ni Marx bilang upisyal na ulat. Itinapat ng mga maka-Proudhon na may sangkatlo ng mga boto sa Kongreso ang isang komprehensibong programa na sumasaklaw sa lahat ng aytem sa adyenda. Gayunman, nanalo ang mga tagasuporta ng

Pangkalahatang Konseho sa karamihan ng mga usaping tinalakay. Pinagtibay ng Kongreso ang 6 sa 9 na punto sa “Mga Instruksyon” bilang resolusyon. Sinaklaw ng mga ito ang mga usapin kaugnay ng nagkakaisang aksyon ng internasyunal na mga pwersa, ang introduksyon sa lehislatura ng 8-oras na araw paggawa, paggawa ng bata at kababaihan, kooperatibong paggawa, unyon, at pamalagiang mga hukbo. Pinagtibay rin ng Kongreso sa Geneva ang Mga Tuntunin at Administratibong Regulasyon ng Internasyunal na Asosasyon ng mga Manggagawa.

Ang Kongreso ng mga Manggagawa sa Paris – ang Internasyunal na Kongreso ng mga Sosyalistang Manggagawa – ay ginanap noong Hulyo 14-20, 1889 sa Paris, at sa katunayan ay siyang kongreso sa pagtatatag ng Ikalawang Internasyunal. Tinangka ng mga oportunistang French, Posibilista, at kanilang mga kapanalig sa Sosyal Demokratikong Pederasyon ng Britain na hawakan ang paghahanda para sa Kongreso, agawin ang pamunuan nito at hadlangan ang pagbubuo ng isang bagong internasyunal na pagkakaisa ng mga organisasyong sosyalista at ng mga manggagawa sa batayan ng Marxismo. Pero naglunsad ng mapagpunyaging pakikibaka ang mga Marxista sa tuwirang pamumuno ni Engels laban sa kanila. At sa panahong magbukas ang Kongreso noong Hulyo 14, 1889 – ang sentenaryo ng pagsalakay sa Bastille – nangibabaw ang mga Marxistang partido. Dumalo sa Kongreso ang 393 delegado mula sa 20 bayang Europeo at Amerikano. Dahil nabigo ang kanilang tangka, nagdaos ng karibal na kongreso sa Paris ang mga Posibilista sa araw ring iyon para tapatan ang Marxistang Kongreso. Iilan lamang sa mga dayuhang delegado ang dumalo sa kongreso ng mga Posibilista, at karamihan sa kanila ay mga huwad na kinatawan.

Pinakinggan ng Internasyunal na Kongreso ng mga Sosyalistang Manggagawa ang mga ulat ng mga delegado ng mga sosyalistang partido tungkol sa kilusang manggagawa sa kani-kanilang bayan, binalangkas ang saligang mga prinsipyo ng internasyunal na lehislasyon sa paggawa, inendurso ang demand para sa introduksyon sa lehislatura ng 8-oras na araw paggawa at ipinakita ang mga paraan para makamit ng mga manggagawa ang kanilang mga layunin. Idiniin ng Kongreso ang pangangailangan para sa pampulitikang organisasyon ng proletaryado at ng pakikibaka para sa pagkakamit sa mga demand sa pulitika ng mga manggagawa. Itinaguyod nito ang abolisyon ng mga pamalagiang hukbo at ipinanukala ang unibersal na pag-aarmas sa mamamayan. Ang pinakatampok na desisyon ng Kongreso ay ang manawagan sa mga manggagawa ng lahat ng kalupaan para ipagdiwang ang Mayo Uno bawat taon bilang internasyunal na pista ng uring manggagawa.

28

Isinulat ni Engels ang paunang salitang ito sa wikang German para sa bagong edisyong Polish ng *Manifesto*, na inilathala noong 1892 sa London ng *Przedswit* Press na pinatatakbo ng mga sosyalistang Polish. Matapos ipadala ang paunang salita sa *Przedswit* Press, isinulat ni Engels, sa isang liham kay Stanislaw Mendelson na may petsang Pebrero 11, 1892, na nais niyang matuto ng Polish at puspusang pag-aralan ang pag-unlad ng kilusang manggagawa sa Poland, upang makapagsulat siya nang mas detalyadong paunang salita sa susunod na edisyong Polish ng *Manifesto*.

29

Ang *Kongresong Poland*, bahagi ng Poland na ipinagkaloob sa Rusya sa ilalim ng upisyal na ngalan ng Kaharian ng Poland sa pamamagitan ng mga desisyon ng Kongreso sa Vienna ng 1814-15.

30

Ang paunang salitang ito, na unang pinamagatang “Para sa Mambabasang Italyano,” ay isinulat ni Engels sa wikang French para sa edisyong Italyano ng *Manifesto* sa kahilingan ng Italianong Sosyalistang lider na si Filippo Turati. Inilathala ang edisyong Italyano bilang pampleto sa Milan ng limbagan ng *Critica Sociale*, isang Sosyalistang teoretikal na dyornal. Isinalin ang *Manifesto* sa wikang Italyano ni Pompeo Bettini, at ang paunang salita ni Engels, ni Turati.

31

Sa marami sa kanyang akda, partikular ang kanyang artikulong “Die Erfurterei im Jahre 1859,” inilatag ni Marx ang ideya na kumilos ang reaksyon matapos ang 1848 bilang natatanging testamentaryong tagapagpatupad ng rebolusyon, at tiyak na ipinatutupad ang mga demand ng rebolusyon, bagamat sa paraang tragi-komiko, halos panunuya tungkol sa rebolusyon.

32

Ang kahulugan ng burgesya ay ang uri ng modernong mga kapitalista, ang may-ari ng mga kagamitan sa produksyong panlipunan at employer ng sahurang paggawa. Ang kahulugan ng proletaryado ay ang uri ng modernong mga sahurang manggagawa na dahil walang sariling mga kagamitan sa produksyon ay napipilitang ibenta ang kanilang lakas paggawa upang mabuhay. [Tala ni Engels - 1888 edisyong Ingles.]

33

Ibig sabihin, lahat ng *nakasulat* na kasaysayan. Noong 1847, ang prehistorya ng lipunan at ang organisasyong panlipunan na umiral bago ng nakasulat na kasaysayan ay hindi pa nababatid. Mula noon, natuklasan ni August von Haxthausen (1792-1866) ang pag-aaring komun sa lupa sa Rusya, pinatunayan ni Georg Ludwig von Maurer na ito ang pundasyong panlipunan na

pinagsimulan ng lahat ng lahing Teutonic sa kasaysayan, at di nagtagal, natuklasan na ang mga pamayanang komunidad ang siyang nagiging, o kaya'y naging, primitibong anyo ng lipunan sa lahat ng dako mula India hanggang Ireland. Ihinayag ang panloob na organisasyon ng primitibong lipunang komunistikong ito, sa kanyang tipikal na anyo, ng kahulihang pagkakatuksas ni Lewis Henry Morgan (1818-1861) sa tunay na kalikasan ng *gens* at ang relasyon nito sa *tribu*. Nang malusaw ang primibal na mga komunidad na ito, nagsisimula na ang lipunan na mahati-hati sa hiwa-hiwalay at sa huli'y antagonistikong mga uri. Sinikap kong baybayin ang prosesong ito ng pagkakalusaw sa *The Origin of the Family, Private Property and the State* (Ang Pinagmulan ng Pamilya, Pribadong Pag-aari at Estado).

34

Maestro-gremyo, ibig sabihin, isang ganap na kasapi ng isang gremyo, isang maestro sa loob, at hindi ang pinuno ng isang gremyo. [Engels: 1888 edisyong Ingles.]

Ito ang pangalang ibinigay sa mga taga-kabayanan ng Italya at France sa kanilang mga komunidad na kalunsuran, matapos nilang mabili o maagaw ang kanilang inisyal na mga karapatan sa paggugubyerno-sa-sarili mula sa kanilang mga panginoong pyudal. [Engels: 1890 edisyong German.]

35

"Komuna" ang itinawag sa France sa sumisibol na mga kabayanan kahit bago pa nila naipagwawagi mula sa kanilang mga pyudal na panginoon at amo ang lokal na paggugubyerno sa sarili at mga karapatang pampulitika bilang "Ikatlong *Estate*." Sa pangkalahatan, para sa pang-ekonomyang pag-unlad ng burgesya, ginagamit ang England

bilang tipikal na bayan, at para sa pampulitikang pag-unlad nito, ginagamit ang France. [Engels: 1888 edisyong Ingles.]

Ito ang pangalang ibinigay ng mga taga-kabayanan ng Italya at France sa kanilang mga komunidad sa kabayanan, matapos nilang mabili o maagaw ang kanilang inisyal na karapatan sa pagguberno-sa-sarili mula sa kanilang mga pyudal na panginoon. [Engels: 1890 edisyong Ingles.]

36

Sa kanilang mga akdang isinulat sa kalaunan, ihinalili nina Marx at Engels ang mas eksaktong mga konsepto ng “halaga ng lakas paggawa” at “presyo ng lakas paggawa” (unang iniharap ni Marx) sa “halaga ng paggawa” at “presyo ng paggawa.”

37

Tala ni Engels sa 1888 edisyong Ingles: hindi ang Restorasyong Ingles (1660-1689), kundi ang Restorasyong Pranses (1814-1830).

38

Ang mga Lehitimista ay sumuporta sa Dinastiyang Bourbon na ibinagsak noong 1830 at kumatawan sa interes ng hereditaryong malalaking maylupa. Sa pakikitunggali sa Dinastiyang Orleans, na sinuhayan ng aristokrasya sa pinansya at malaking burgesya, madalas gumamit ang isang seksyon ng Lehitimista ng demagohiyang sosyal at nagkunwari na tagapagtanggol ng anakpawis laban sa pagsasamantala ng burgesya.

Ang Batang England ay isang grupo ng mga pulitiko at manunulat na kabilang sa Partidong Tory. Inorganisa ito sa maagang bahagi ng dekada 1840. Sinalamin ng mga kinatawan ng Batang England ang disgusto ng aristokrasyang

maylupa laban sa lumalaking lakas sa ekonomya at pulitka ng burgesya. Gumamit sila ng mga pamamaraang demagohiko upang ipailalim ang uring manggagawa sa kanilang impluwensya at gamitin sila para labanan ang burgesya.

39

Tala ni Engels sa 1888 edisyong Ingles: pangunahing aplikable ito sa Germany, kung saan ipinasasaka ng maylupang aristokrasya at panginoong maylupa ang malalaking bahagi ng kanilang mga lupain para sa kanilang kapakinabangan sa mga tagapamahala, at dagdag pa, ay ekstensibong mga tagapagmanupaktura ng asukal mula sa *beetroot* at nagdidistila ng alak mula sa patatas. Sa ngayon, medyo hindi pa ito sinasaklaw ng mas mayayamang aristokrasyang British; pero alam rin nila kung paanong bawiin ang papaliit na upa sa pamamagitan ng pagpapagamit ng kanilang mga pangalan sa *floaters* o humigit-kumulang ay kahina-hinalang mga kumpanyang pinagsama-sama ang sapi.

40

Tala ni Engels sa 1888 edisyong German: Winalis ng rebolusyonaryong bugso ng 1848 ang buong gamit na gamit na tendensyang ito at nakaalis sa hangarin ng mga tagapagtaguyod nito na maglaru-laro sa sosyalismo. Ang pangunahing kinatawan at klasikal na tipo ng tendensyang ito ay si G. Karl Gruen.

41

Francois Noel Babeuf (1760-1797): isang Pranses na pampulitika ng ahitador; bigong nagpakana na wasakin ang Pamatnugutan sa rebolusyonaryong France at itinatag ang sistemang komunistiko.

42

Comte de Saint-Simon, Claude Henri de Rouvroy (1760-1825): sosyal pilosopong Pranses; sa pangkalahatan, itinuturing na tagapagtatag ng sosyalismong Pranses. Ipinagpalagay niya na dapat ireorganisa ang lipunan alinsunod sa linya ng industriya at ang mga syentista ang dapat maging bagong ispiritwal na mga pinuno. Ang kanyang pinakamahalagang akda ay ang *Nouveau Christianisme* (Bagong Kristyanismo) (1825).

43

Charles Fourier (1772-1837): sosyal na tagarepormang Pranses; ipinalawig ang sistema ng mga kooperatibang nakasapat-sa-sarili na tinaguriang Fourierismo, laluna sa kanyang akdang *Le Nouveau Monde Industriel* (Ang Bagong Mundong Industriyal) (1829-30).

44

Richard Owen (1771-1858): industriyalista at sosyal na tagarepormang Welsh. Binuo niya ang isang modelong industriyal na komunidad sa New Lanark, Scotland, at nagpasiuna ng mga kapisanang kooperatiba. Kabilang sa kanyang mga aklat ang *New View of Society* (Bagong Pananaw sa Lipunan) (1813).

45

Tala ni Engels sa 1888 edisyong Ingles: Ang mga *phalanstere* ay mga kolonyang sosyalista sa plano ni Charles Fourier; Icaria ang ngalan na ibinigay ni Cabet sa kanyang utopya, at di naglaon, sa kanyang kolonyang komunista sa Amerika.

Tala ni Engels sa 1890 edisyong Aleman: “Mga Kolonyang Pantahanan” ang tawag ni Owen sa kanyang mga modelong kapisanang komunista. Mga *phalanstere* ang pangalang ibinigay sa mga palasyong publiko na pinlano ni Fourier. Icaria ang ngalan na ibinigay ni Cabet sa Utopyang lupang

pangako, na inilarawan ni Cabet na mga institusyong Komunista.

46

Ang *Mga Repormista* ay mga nananalig sa pahayagang *Le Reforme*, na inilathala sa Paris mula 1843 hanggang 1850. Itinaguyod nila ang pagtatatag ng republika at ang pagsasagawa ng mga repormang demokratiko at sosyal.

47

Tala ni Engels sa 1888 edisyong Ingles: ang partidong noo'y kinakatawan sa Parlamento ni Ledru-Rollin, sa panitikan, ni Louis Blanc (1811-82), at sa arawang pahayagan ng *Reforme*. Ipinahihiwatig ng ngalang Sosyal-Demokrasya, kasama ng mga nag-imbento nito, ang isang seksyon ng Partidong Demokratiko o Republikano na humigit-kumulang ay nabahiran ng sosyalismo.

Tala ni Engels sa 1890 edisyong Aleman: Ang Partido sa France, na sa panahong iyon ay nagtataguri sa sarili na Sosyalista-Demokratiko, ay kinakatawan ni Ledru-Rollin sa buhay pampulitika at ni Louis Blanc sa panitikan; sa gayon, ibang-iba ito sa kasalukuyang Sosyal-Demokrasyang German.

48

Kleinburgerei sa orihinal na German. Ginamit nina Marx at Engels ang katagang ito para ilarawan ang mga elementong reaksyunaryo ng petiburgesyang lunsod.

Disenyo ng pabalat: *Digital collage* mula sa *painting* na “Marx and Engels Working on the Manifesto” ni V Polyakov (1961), larawan ng dambanang “Chinese Revolution” sa China, at iba pang imahe.

Errata

1. Sa pahina 6 unang talata ikalawang linya, walang gitling sa “napakalawak”
2. Sa pahina 15 huling talata unang linya, “opinyon” hindi “ppnyon”
3. Sa pahina 17 unang talata ikapitong linya, “programang” hindi “programong”
4. Sa pahina 95 ikalawang talata ikapitong linya, walang gitling sa “konserbatibo”
5. Sa pahina 99, ikaapat na tala unang linya, alisin ang ikalawang “ay”
6. Sa pahina 99 din ikalimang tala ikalawang linya, “siyang” hindi “siang”
7. Sa pahina 102 ika-13 tala ika-10 linya, walang gitling sa “paksyong”
8. Sa pahina 102 ika-13 tala din ika-15 linya, “Engels” hindi “Engtels”
9. Sa pahina 104 ika-20 tala ikalimang linya, “lingguhang pahayagan”
10. Sa pahina 105 ika-26 na tala ikaapat at ikalimang linya, alisin ang unang “mga” at palitan ng “sa”
11. Sa pahina 107 ika-27 tala ikasiyam na linya bago ang dulo, “Kongreso” hindi “Kongress”

Paumanhin sa mga kamalian